After their gimmickry of a fake encounter that killed Jeje Redobles in Barangay Cambayobo last May 22 backlashed as residents, barangay officials and the general public exposed the truth behind the said incident, the AFP vainly maneuvers the

attention of the general public away from the Redobles killing by initiating the Barotolo killing. Within a span of eight days, two families in Northern Negros are now without breadwinners due to the mercenary AFP's futile attempt to crush the revolution.

Cases of killings of innocent civilians, like the cases of Redobles and Barotolo, must be investigated by humanitarian and rights groups. The victims' respective neighbors can attest to their good record and relations to others.

The RJPC-NPA pays respect to the thousands of victims of state terrorism, like Redobles and Barotolo. We extend our sympathies to the bereaved families, their respective wife and children. Justice will be served!

Red commanders and fighters of the RJPC-NPA are one with the Negrosanons' rage against the semifeudal and semicolonial system that pays no attention nor respect to the lives, livelihood and common good of the Filipino people. The RJPC-NPA will unleash its might, together with the people, to fight for a better future. The revolution continues!

Itigil ang pambobomba sa Dipaculao, Aurora! Itigil ang karahasan ng teroristang 91st Infantry Battalion laban sa mga sibilyan!

Hunyo 1, 2024

Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma)

Mariin na kinukundena ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA) ang ginagawang pambobomba at istraping ng mga teroristang 91st Infantry Battalion laban sa mga sibilyan ng Dipaculao, Aurora. Ayon sa ulat ng mga residente, dalawang helikopter ang ginamit ng teroristang 91st IB sa pag-ikot sa lugar saka nagbagsak ng mga bomba sa bukid. Walang patumangga rin ang pamamaril ng 91st IB para makaganti sa nakasagupang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Naiulat ang pagkamatay ng isang kabataan dahil dito. Sa ngayon ay umabot na sa mahigit 400 na pamilya ang apektado at nagsilikas dahil sa kawalang-hiyaan ng militar.

Ang ganitong pandarahas ng mga barbarong militar ay nagpapakita lamang na wala silang respeto sa karapatang pantao at sa mga reglamentos ng digmaan. Bilang mga mersenaryo ng estado at mga malalaking panginoong may lupa, ang mga barbarong militar ay nag-aasal sanggano sa a halip na protektahan ang masang magsasaka sa Aurora.

Hindi maitatangi na ang ganitong aktitud at pagkilos ng mga barbarong militar ay lalo lamang magpapalapit sa masa sa BHB. Nakikita na ngayon nang husto ng masang magsasaka kung sino ang tunay na mga terorista. Sa pagbomba sa mga bukid, sa pagpapasara ng mga paaralan, sa walang habas na pamamaril, sa pagbabawal sa mga masa na magtanim at magsaka,

pinapatunayan lamang ng 91st IB na sila ang mga mababangis na lobong terorista sa uniporme.

Kaya hindi magtatagumpay ang mga barbarong terorista sampu ng kanilang mga imperyalistang amo, kahit pa ubusin nila ang salapi nila sa mga bomba, laban sa BHB. Mahal na mahal ng masa ang BHB. Sila ang tunay na kakampi ng masa sa pagsasaka at edukasyon at paglaban sa mga pagpapahirap ng mga kaaway.

Kaya naman nakikiisa ang KAGUMA sa panawagan ng mga progresibong sektor ng ating lipunan lalo na sa mga taong simbahan na kondenahin at ipatigil ang ginagawang pagwasak ng militar sa kabuhayan ng mga masa sa Aurora. Makakaasa ang BHB at masang magsasaka ng Aurora na magpapaabot ng ano mang tulong rekurso ang KAGUMA para sa mga mamamayang apektado ng pambobomba ng mga teroristang militar. Sasama rin ang iba naming mga kasapi sa ano mang “fact-finding mission” na gagawin para maisambulat sa publiko ang terorismo ng 91st IB.

Itigil ang pambobomba sa Dipaculao, Aurora!
Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan sa Aurora!
Isulong at ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan!

Masingki nga Militarisasyon sa Central Negros, nagapadayon

Hunyo 2, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Halos 200 ka tropa sang berdugong 62nd IB ang wala-untat nga nagapanglusob sa mga komunidad sang mga mangunguma sa sakop sang Central Negros halin pa sadtong Mayo 12 tubtob subong nga adlaw, Hunyo 2. Pilit nga ginapanglusob ang mga puluy-an sang mangunguma kag ginahimo kampo-militar ang mga eskwelahan. Nagamuntar sang checkpoints sa mga lugar nga nagadisturbo sa kinaandan nga paghulag sang mga pumuluyo ilabe na sang mga habal-habal drivers, estudyante, mga manunudlo lakip na ang mga barangay officials.

Sa Guihulngan City, Negros Oriental:

Halin Mayo 12 tubtob subong nga adlaw, Hunyo 2, nagpabilin ang 20 ka tropa sang 62nd IB sa Sityo Kambairan, Barangay Trinidad. Nagatiner sa eskwelahan samtang may panahon nga nagahimo sang tsekpoynt sa lugar.

Halin Mayo 30 tubtob subong, may duha ka kolum sang pasistang 62nd IB nga makit-an sa mga Sityo sang Bonbon kag Nahilig sakop sang Barangay Hinakpan sa nasambit nga syudad. Kadungan man sini, may 20 man ka tropa militar sa Sityo Baby Busay, Barangay Hilaitan. Samtang sa Barangay Sandayao, makit-an man subong ang kolum sang berdugong militar sa mga sityo sang Maluy-a kag Buslutan.

Sa Canlaon City, Negros Oriental:

May kolum sang 62nd IB nga makit-an sa mga sityo sang Mabaha, Inatito kag Banban sang Barangay Bucalan. Kadungan man sini, may kolum sang berdugong tropa sa Sityo Gusa, Barangay Budlasan gikan pa sadtong Mayo 29 sang kaagahon tubtob subong, Hunyo 2.

Sa Moises Padilla, Negros Occidental:

Nagatiner ang 62nd IB sa Sityo Tibubong Elementary School. May tropa militar man nga makit-an sa mga sityo sang Binataan, Oway-oway kag Napiluan tanan sakop sang Barangay Quintin Remo halin pa Mayo 30 tubtob Hunyo 2.

Maghalong gid sa mga pasista kag berdugong 62nd IB. Padayon nga ibuyagyag sa publiko ang ila ginahimo nga mga kalakasan batok sa mga pumuluyo sang Central Negros.

Pakikiramay sa mga militar na napatay sa engkwentro sa Barangay Lague-lague, Cawayan

Hunyo 3, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Lima ang napatay sa tropa ng 2nd Infantry Battalion-Philippine Army-Charlie Company mula sa mahusay na pagharap ng isang yunit ng Jose Rapsing Command - Bagong Hukbong Bayan sa engkwentrong naganap sa Barangay Lague-lague, bayan ng Cawayan noong Mayo 23, 2024.

Nagmamaniobra ang Hukbo mula sa pagtulong sa problema ng komunidad nang maka-engkwentro ang mga nag-ooperasyong militar. Ligtas na nakamaniobra ang mga kasama.

Nakikiramay ang JRC-BHB Masbate sa mga pamilya nang napatay na mga tropa ng militar.

Sila ang pinagbabayad sa gerang sila Marcos Jr., Gov. Kho at matataas na upisyal ng AFP-PNP lamang ang nakikinabang. Marami sa mga sundalong ito ay nalinlang lamang ng mataas na sweldo. Marami sa mga sundalong ito ay natatakot pumasok sa sona at maghanap ng NPA. Para matulak na sumama, pinagagamit ang mga ordinaryong kawal ng bawal na droga tulad ng shabu para mag-operasyon, hanapin ang NPA at pumatay ng sibilyan kung walang matugis na Hukbo.

Kasuklam-suklam na itinatago ng mga upisyal ng 2nd IBPA ang kanilang kaswalti. Paglapastangan ito sa mga nasawi at kanilang pamilya.

Batid ng mga ordinaryong sundalo at pulis na ito na hindi kailanman magagapi ang rebolusyonaryong armadong paglaban. Walang katulad ang pagmamahal at suporta ng mga Masbatenyo sa NPA dahil alam nilang ang digmang bayan ay makatarungan at tunay na solusyon sa kahirapan. Samantala, isinusuka ng mga Masbatenyo ang AFP-PNP-CAFGU bilang mga berdugo, mamamatay-tao at bayarang armado ng mga pinakagahaman at pinakahayok sa kapangyarihan.

Alam ng mga sundalong ito na ang kanilang pang-aabuso at terorismo ay may hangganan. Alam nilang hindi nila matatakasan ang rebolusyonaryong hustisya.

Hinihikayat ng BHB-Masbate ang mga ordinaryong sundalo at pulis na lisanin na ang kanilang pinagsisilbihang institusyon. Hindi niyo kaya ang sakripisyo at hindi kayo handang mamatay para sa sweldong pwede namang kitain sa marangal at sibilyang pamamaraan. Dapat isipin nila ang kanilang mga pamilya bago mahuli ang lahat.

Zelenskyy visit is part of US design to portray Marcos Jr as new poster boy for war versus China

Hunyo 3, 2024

NDFP International Information Office National Democratic Front of the Philippines

Ukrainian President Volodymyr Zelenskyy's recent visit to Malacañang is part of US imperialist war designs to portray Marcos Jr. as the new poster boy for its proxy war versus China. The -Marcos Jr. media stunt exposes US imperialism's use of puppet regimes such as the Philippines and Ukraine to advance its geopolitical ambitions. By aligning Marcos Jr as a parallel of Zelenskyy, the US is positioning the Philippines as a key player in its broader strategy to counter its imperialist rival-China.

In similar fashion to the US-NATO proxy war in Ukraine, where the Zelenskyy puppet regime is pitted against Russia, the US seeks to use the puppet Marcos Jr. government to foment anti-China sentiments and hoodwink the Filipino people into thinking that the US will protect the Philippines in the event of an all-out war. In reality, the US only seeks war against China to secure its own hegemonic interests in Asia Pacific.

The US plans to invoke the lopsided Mutual Defense Treaty as a pretext to wage an all-out imperialist conflict and open another proxy war front in the region. The recent Balikatan war games, the pre-positioning of its war arsenal in the so-called "Luzon corridor" and the looming US-PH aerial war games are all meant to provoke an armed response from China and lay the justification for Biden's planned attacks.

To justify its reckless warmongering the US government aims to fabricate the same narrative as a 'defender of small states' when in fact it continues to instigate, design and finance wars and in the process commit horrendous war crimes from Palestine, Ukraine to the Philippines.

The recent verdict of the International People's Tribunal which found the Marcos Jr. and Duterte regimes guilty of war crimes and violations of international humanitarian law underscored the direct role of the US government in the implementation of so-called 'counterinsurgency' operations in the Philippines. The atrocities committed by the Marcos and Duterte regimes with the full backing of the US government is akin

to the war crimes committed against the peoples of Ukraine, Palestine and other peoples fighting against imperialism and for national and social liberation.

Marcos Jr. on the other hand has consistently served as a willing accomplice by further opening the Philippines via the Visiting Forces Agreement and the Enhanced Defense Cooperation Agreement to increased US military presence and intensified operations. His connivance with the US risks dragging millions of Filipino lives into a destructive conflict, manipulated by a foreign power that has historically shown no regard for the sovereignty and well-being of the people in its satellite regimes. The visit of Zelenskyy, orchestrated by Washington, should be seen for what it is: a step towards the Philippines' deeper entanglement in a conflict that serves the interests of US imperialism, not of the Filipino people.

Lubos nga alagaran ang masa sa tion sang mga kalamidad

Hunyo 6, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Ginamando sa tanan nga mga yunit gerilya kag mga yunit milisya upod sa kabilugan nga rebolusyonaryong organisayon masa idalum sa Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) sa Central Negros nga lubos alagaran

ang masa sa nagluntad nga kalamidad sa paglupok sang bulkang Kanlaon sadtong Hunyo 3, alas 6:51 sang gab-i.

Ginamando man sang LPC-NPA idalum sa absoluto nga pagpamuno sang Communist Party of the Philippines (CPP) nga istrikto nga i-oberbar sang mga yunit sang NPA sa Central Negros ang moda sang aktibo nga depensa samtang nagapatigayon sang pagbulig sa masa sa pagpangibabaw sa gintuga nga kahalitan sang nasambit nga kalamidad.

Nadumduman nga wala pa nakatibawas tubtob subong ang kadam-an nga pumuluyo sa Central Negros sa gintuga nga halit sang lapnagon kag masingki nga militarisasyon, malawig nga tig-ilinit nga dulot sang El Niño kag sa subong, ang paglupok sang bulkan Kanlaon nga nagdugang sang dako nga halit sa kabuhi kag palangabuhian sang mga mangunguma kag mga mamumugon sa uma.

Nangin kinaandan na sang bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan ang “magsandig kag magsalig sa masa” sa tion sang kalamidad. Nagakahulugan nga nagasalig kita sa aton kaugalingon nga kusog, rekurso kag sa aton naabot nga ikasarang. Ang simple nga kooperasyon paagi sa alayon-dagyaw ang mauswagon kag madasig nga kinaiya sang aton pagbinuligay. Ini ang napamatud-an na sang aton praktika sa panahon sang nag-abot ang dalagko nga kalamidad kaangay sang natabo nga linog sadtong Pebrero 2012, Bagyo Odette sadtong Disyembre 2021 kag iban pa.

Kaangot sini, ginapanawagan man ang tanan nga mga nahanunga, demokratiko kag patriyotikong pwersa lakip na ang kasimbahanan kag non-government organizations nga imedyet nga magahimo sang nagakaigo nga tikang agud buligan ang pumuluyo sa Central nga bahin sang isla labi na gid ang mga biktima sang nasambit nga trahedya.

Marcos Jr. spoke with a forked tongue in Singapore

Hunyo 6, 2024

NDFP International Information Office National Democratic Front of the Philippines

In an apparent attempt to project his regime as being caught in the middle of the rivalry between the US and China, Marcos Jr. succeeded only in further exposing himself as a willing puppet of US imperialism in one of his talks during the 21st International Institute for Strategic Studies Shangri-la Dialogue in Singapore last June 2.

By saying that the “continued (sic) stability of this region requires China and the US to manage that rivalry in a responsible manner”, Marcos Jr. was speaking with a forked tongue. Marcos Jr.’s speech, filled with lofty rhetoric about maintaining regional peace and stability while warning China against ‘acts of war’, rings hollow against the backdrop of expanding US military presence on Philippine soil.

His regime is enabling the US to heighten its warmongering in the South China Sea by allowing the Philippines to become a US military launching pad that continues to provoke an armed response from China. The recent Balikatan war exercises led by the US conducted on Philippine territory, which shamelessly mocked the country's sovereignty and the people's security, are the most recent glaring demonstrations of that US puppetry.

Marcos Jr.'s attempt to portray himself as a neutral actor caught between two imperialist rivals is nothing short of farcical. His administration has consistently aligned with American strategic objectives, further dragging the whole Philippines and its unwilling people into a possible war with the US' enemies, and no amount of double-talk will hide that.

The people of the ASEAN region desire long-lasting peace and stability, especially in the context of the highly contested waters in the South China Sea. However, US prodding and continued military operations in the Philippines undermine these aspirations and serve as the biggest threat to peace in the region. Genuine peace and security in the ASEAN will only be possible if it is free from the aggression and transgressions of imperialist powers.

Hindi natatapos ang kalbaryo ng mga magsasaka sa pagtatapos ng El Niño

Hunyo 7, 2024

Gannaban Baligod, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Cagayan

Kasabay ng deklarasyon ng opisyal na pagtatapos ng El Niño ay ang pagbaon sa limot sa sinapit at ininda ng mga magsasaka at mangingisda dahil dito, at ang pagbabalewala sa kriminal na kapabayaang estado. Hindi pa man nakakabawi at bagkus ay nabalaho pa rin sa paghihikahos, panibagong penomenang pangklima na naman ang haharapin ng masang anakpawis.

Sa kabuuan, umabot sa 1.3 milyong pamilya o 5.2 indibidwal ang naapektuhan ng malawakang tagtuyot na nanalasa sa 6,000 barangay sa 14 rehiyon kung saan nagdeklara ng state of calamity ang 423 syudad at bayan. Samantala umabot naman sa ₱9.6B ang kabuuang tinamong pinsala sa sektor ng agrikultura batay sa pinakahuling datos ng Department of Agriculture.

Sa Cagayan Valley, umabot sa ₱2.05B (20% ng kabuuang pinsala) ang kabuuang halagang nasira sa agrikultura mula Pebrero 22 hanggang Mayo 8 batay sa opisyal na ulat. Pananim na mais ang pangunahing naapektuhan at ang lalawigan ng Isabela ang nakapagtala ng pinakamalaking pinsala na bumubuo sa 63%. Maging ang mga tanim na prutas ay hindi nakaligtas tulad ng 8,000 kilong mangga ng mga taga-San Mateo, Isabela na pinagtatapon na lamang dahil “reject” daw sa bagsakan bunsod ng malaking suplay.

Taliwas ito sa naunang mga pagtanggap ng pamahalaang panlalawigan na “hindi lubhang

apektado ang mga magsasaka sa Isabela dahil maagap itong napaghandaan.” Naapektuhan ang 43,942 magsasaka at mangingisda habang 45,746 ektarya naman ang bahagya at lubhang nasira. Hiwalay pa ito sa pinsalang tinamo ng sektor ng pangisdaan na ayon sa BFAR Region 2 ay umabot sa ₱11M, pangunahin dahil sa fish kill at ang probinsya rin ng Isabela ang pinakanatamaan. Bunsod nito, isinailalim ang 40 syudad at bayan sa state of calamity.

Inutil at pasistang hakbang sa El Niño

Sa kabila ng pagpapapogi ni Marcos Jr kaugnay sa mga tulong at ayuda diumano para sa mga apektado, hindi ito ramdam ng karaniwang mamamayan. Sa rehiyon, ang binimbing pondo para sa bagyong Egay noong 2023 ang kalakhang ipinamahagi sa mga magsasaka at mangingisda. Sinamantala din ito ng mga burukrata upang magpabango ng pangalan dahil sa halip na ipamahagi sa mga nangangailangan ang ayuda na galing din naman sa buwis ng taumbayan, ipinasailalim at binihisan ito bilang personal na malasakit ng mga trapo. Palpak din ang mga ipinamahaging binhi dahil hindi ito tumubo sa tigang na lupa. Tulad ng kawalan ng sapat at maayos na sistema sa irigasyon, hindi rin tinugunan ang pangunahing kahilingan ng mga magsasaka na pataasin ang presyo ng kanilang mga produkto at ibaba ang interes ng pautang.

Problemado rin ang ipinagmamayabang na mga cash-for-work program ng DSWD at DOLE. Liban sa kulang na kulang ito at iilan lang ang “benepisaryo”, lubhang huli na rin ang pagbibigay

ng kompensasyon sa mga nakapaloob dito. Kapuna-puna rin ang kinahinatnan ng 9,000 magsasakang hindi inaprubahan ng PCIC para sa pagseseguro ng kanilang mga pananim. Katumbas ito ng 76% sa kabuuang aplikasyon sa nasabing ahensya.

Maliban sa kapabayaan sa pagtugon sa problema sa kalamidad, pinakamatingkad at mas kinatangian ito ng gera kontra-insurhensiya at pagsupil sa mamamayan. Sa tabing ng mga “local peace engagement” at “serbisyo caravan” na inorganisa ng 5th ID-PNP at Local Peace Panel ng RTF-Elcac, sasailalim muna sa saywar at disimpormasyon ang mga mamamayan bago nila matanggap ang kakarampot na ayuda mula sa mga ahensyang sibilyan. Operasyong relip ang panghatak nila sa mga residente upang dumalo sa pulong at porum, hindi para magtalakay at magpaliwanag sa ugat ng krisis ng klima kundi upang ipalunok sa masa ang EO70 at Anti-Terror Law. Sinamantala ang kalamidad upang bigyang-katwiran ang paghihimpil at paghalihaw sa kabahayan ng mga pasistang sundalo.

Gubyerno ng mamamayan

Sa mahabang panahon, napatunayan na hindi sa bulok na gubyerno ng naghaharing uri mahahanap ang pagbuti ng kalagayan ng magsasaka at ng iba pang pinagsasamantalang uri. Hindi ang gubyernong nagkakasya ang responsibilidad sa ipinagdadamot na kakarampot na ayuda ang kailangan ng mamamayan kundi ang sariling gubyernong itinayo ng mamamayan na tunay naglilingkod sa kanila.

Nahaharap na naman ang rehiyon sa La Niña. Napipiho na ng mga magsasaka ang masaklap na kahinatnan nito at nakasisiguro rin tulad ng mga nakaraang taon at dekada na mapapabayaang sila ng bulok na estado. Tulad ng dati, tiyak na sasamantalain ng mga malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa, kasapakat ang mga burukrata kapitalista, ang kalamidad ng bagyo at landslide upang lalong lunurin sa karukhaan at ibaon sa higit na pagdurusa ang laksa-laksang mamamayan.

Tanging sa pagkakaisa at sama-sama pagkilos lamang ang sasandigan ng uring anakpawis. Matatamasa lamang ng mga magsasaka ang tunay na kaginhawaan at paglaya mula sa mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala na pinasasahol ng mga kalamidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng rebolusyonaryong agraryo at pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, habang isinusulong at pinalalakas ang armadong pakikibaka sa kanayunan.

Isardeng ken supiaten ti “panagpasuko” kadagiti mannalon!

Hunyo 7, 2024

Bienvenido Magalat, Spokesperson NPA-Cagayan

Kunkundenaren ti New People’s Army (NPA)-Cagayan ti nabiiit a pablaak ken inuulbod ti lokal a gobyerno iti Cagayan kanaig iti panangited da kano iti trabaho kadagiti “sumukong dating rebelde” ita a tawen. Babaen iti PTF-Elcac ken

Local Peace Panel nga idadauloan mismo ni Manuel Mamba, tinudingan kas rebelde dagiti kameng ti Anakpawis, Kaguimongan ken dagiti mannalon a nagtignay ken nangilaban kadagiti karbengan ken kalikagum da, nangruna iti tiempo iti kalamidad ken didigra.

Ilawlawag ken paspasingkedaan ti NPA-Cagayan a mannalon ken sigud nga aktibista dagitoy, saan a “rebelde.” Ken kangrunaan iti amin, awan ti “rebelde” a simmuko kadaytoy umuna ken maikadua a kwarto iti tawen, ken saan nga armas ti NPA dagiti “insuko”, kasinnupadi iti iparparayag dagiti militar ken pulis. Dagiti inparang da a “surenderi” kano ket nababayagen nga awan iti intar ti NPA. Dagiti met senior citizens a “rebelde” a nagtignay kano idiay Marag idi ket tiempo kupong-kupong pay laeng nga awanen iti intar.

Ti panangipaidam ti PNP kadagiti nagnagan ken impormasyon dagiti ibagbaga da a “surenderi” ket nalawag laeng a pakakitaan nga inuulbod ken parparbo ti katatao dagiti tinudingan da kas “surenderi.” Ngem nu sukisuken a nalaing basar kadagiti naglabas a report iti PNP, dagiti mannalon iti Abulug, Alcala, Allacapan, Buguey, Amulung, Baggao, Lal-lo, Piat, Pamplona, Rizal, Sanchez Mira, Sta Teresita kdpy nga ili a dimmanon iti nasurok 160 katao - manipud laeng idi maudi a lawas iti Pebrero inggana iti agdama - a nangiyuna para iti relief operations idi bagyong Ompong ken Lawin, nangilaban iti excise tax iti tabako, nangibasura iti back accounts iti NIA ken nangipababa iti interes iti pautang ket isu ti binirngasan da kas “simmuko a rebelde.” Ngamin,

awan sabali nga accomplishment a maipanakkel ti PNP-Cagayan nu di ket dagiti daan ken recycled a tattao ken datos. Kasilpo na, agkamkamakam pay ti AFP para iti maireport to segun iti inkeddeng da a dedlayn nga ita a bulan ket maparmek amin dagiti panlaban nga yunit iti NPA.

Ubbaw nga E-CLIP

Laksid a nasagsagen dagiti iparparayag da a “surenderi” a namin-anon nga inpresentar iti publiko, dakkel a pagkwartaan ken pagkurakutan iti militar ken reaksyunaryo a gobyerno ti E-CLIP wenno ti programa a panagpasuko kadagiti sibilyan. Malaksid a nagbuntog ti panagproseso kam pay idi kadagiti dokumento para iti nasao a programa, maregmeg laeng nu arigen dagiti kari a livelihood ken financial assistance kumpara iti nailatang a badyet iti daytoy. Mayaten nu adda gungguna dagiti “surenderi” a dua kilo a bagas ken maysa lata sardinas. Ken saan met a panagtagibassit ngem parais-is iti kubeta iti munisipyo wenno kapitolyo ti nagtinnagan a trabaho iti kaaduan a “surenderi” nga ibagbaga da. Adayo nga amang iti inkeddeng a gungguna a ₱60,000.00 tunggal maysa a “rebelde.” Daytoy ti pagbambaknangan dagiti opisyal ken heneral ti militar ken pulis isu a saan nga agpatpatingga ti kannigid-kannawan a “panagpasuko” kadagiti sibilyan. Agasem ‘ta ₱9.6 milyon a gatad para kadagiti amin a “napasurender” da iti unos laeng iti innem a bulan!

Sipud nabukel ti EO70 ken NTF-Elcac, nainstitusyunalisan ti peke-pwersado a panagpasurender kadagiti aktibista, nangruna

kadagiti dasig nga anakling-et. Atiddogen iti kaso ti 5th ID ken RTF-Elcac iti malisyoso ken arbitraryo a Red-tagging ken terrorist-labeling. Kadaytoy laeng napalabas a bulbulan, killaat nga inparang kas surenderi dagiti mangmanged iti kaunasan idiay Isabela, nga awan pulos pammalubos ken kaammoan dagiti maseknan. Babaen iti sigud a taktika da a panagsensus wenno attendance kadagiti ipapaayab da nga aktibidad, dagiti dimmar-ay ken nangited iti personal nga impormasyon ket pinagbalin da “rebelde” ken “surenderi.”

Awan ti rumbeng nga “isuko”

Dagiti laeng napepeklan a kriminal ti nasken a sumuko kas kada Rodrigo Duterte ken Marcos Jr a napaneknekan iti International People’s Tribunal a nagbasol iti krimen iti gubat (war crimes). Ngem nu dagiti nakukurapay ken maidaddadanes nga umili a mangilablabaan para iti narang-ay a panagbiag ket awan ti rumbeng nga isuko na. Ta umuna iti amin, saan a dakes ken saan a krimen ti iruprupir da.

Demokratiko a karbengan ti umili a Pilipino a tumipon ken lumaok kadagiti organisasyon ken timpuyog (politikal, espiritwal, pang-ekonomiya) a kayat da a pakapaunegan. Nainkalintegan ti dangadang nga isaysayangkat iti umili ta naindaklan a panggep na daytoy a ruk-atan ti dana para iti gimong nga adda pudpudno a demokrasya, wayawaya ken hustisya. Saan a terorismo iti panangirupir iti kalintegan. Kasta met a saan a terorista dagiti mangilablabaan ken magitantandudo iti singasing iti nalawa nga umili

para iti pudno a reporma ti daga, desente a trabaho para iti amin, nangato a sueldo, libre ken dekalidad nga edukasyon ken panagpaagas, ken panangpunas iti kultura iti impunidad.

Inggana agraraira ti pangkagimongan nga inhustisya, saan a malapdan nga adda latta iti agtignay ken mangilaban para kadagiti karbengan. Nangruna ta nalawlawag ngem init a makitkita ken mapadpadasan iti umili ti saan a panagpapada-pada, kriminal a panangbaybay-a iti gobyerno ken ranggas iti estado. Dagitoy a panagsagaba ket saan a maep-eapan iti sangapirit a relip wenno maay-ayo iti panagpasemento iti mano dipa a lasong-lasong a kalsada. Panagsasao pay ngarud iti dadduma, “Ag-NPA kami pay laeng ngarud sakbay kam’ maaddaan iti trabaho wenno matulungan iti gobyerno.”

Nagpapatuloy na ligalig at pangamba sa Peñablanca

Hunyo 7, 2024

Celia Corpuz, Spokesperson NDF-Cagayan

Namamayani pa rin ang takot at trauma sa mga residente ng Lapi, Peñablanca, halos isang buwan matapos ang aerial bombing at istraping ng mga tropa ng 502nd IBde, 5th ID at TOG2-PAF. Sa pinakahuling ulat ng DSWD Region 2, umabot sa 690 pamilya o 2,765 indibidwal ang naapektuhan at pansamantalang lumikas dahil sa naturang terorismo mula sa himpapawid. Mula sa Barangay Lapi ang 645 pamilya habang 45 pamilya naman

ang naapektuhan sa kalapit na barangay ng Minanga.

Ang talâ na ito ng DSWD ang mismong magpapasubali sa pahayag ng 5th ID na wala diumanong lumikas, at malaking sampal ito kay Glenn Piquero, Group Commander ng TOG2, sa tahasang pagsisinungaling na “tinitiyak [ng PAF] ang kaligtasan ng mga sibilyan tuwing may deployment ng air assets.”

Sa maraming beses na pambobomba mula sa ere ng 5th ID at TOG2, lagi’t laging mga sibilyan at kanilang mga komunidad at kabuhayan ang pangunahing apektado. Mula 2021, hindi bababa sa 10,000 indibidwal na ang naperwisyo at lumikas dahil dito. Tahasang paglabag ito sa internasyunal na makataong batas (IHL) na naglalayong igalang at protektahan ang mga sibilyan, at nagbabawal sa pagsasapanganib sa kanila—pisikal man o mental.

Hindi nagtatapos ang kalbaryo ng mga magsasaka sa paghupa ng mga pambombomba. Bagkus, mas masahol at mas malupit ang kanilang danas pagkatapos nito dahil sa mga “hot pursuit operation” na ikinakasa ng militar at kapulisan. Sa pamamagitan ng mga focused military operation (FMO) at RCSP, nangingibabaw ang batas militar at kamay na bakal sa mga kanayunan. Matapos bombahin ang kanilang mga sakahan, namumudmod ng kakapiranggot na relip ang mga pasista kasama ang mga ahensyang sibilyan. Kasabay nito ay ang pagpapataw ng food at economic blockade, karpyu, at pagkontrol sa populasyon o hamleting.

Dapat na magkaisa ang malawak na mamamayang Cagayano upang tutulan at labanan ang teroristang lagim na ito ng rehimen, kasangkapan pangunahin ang 5th ID na may mahaba at madugong rekord sa paglapastangan sa mga karapatang-tao at paglabag sa IHL. Dapat na singilin at pagbayarin ang lahat ng mga tuwirang nagsagawa at utak sa likod ng mga paglabag na ito. Dapat na igiit at panghawakan ng mamamayang Pilipino ang hatol ng International People's Tribunal (IPT) laban kina dating Pangulong Rodrigo Duterte, Ferdinand Marcos Jr, at sa gobyerno ng US na napatunayang nagkasala ng krimen sa digma.

Itigil ang mga pambobomba! Singilin at pagbayarin ang rehimeng US-Marcos! RCSP, martial law sa baryo! Militar sa kanayunan, palayasin!

Singilin ang rehimeng Marcos sa kapabayaang at kainutilan nito sa pananalasa ng El Niño! Igiit ang makatarungang ayuda, subsidyo at bayad-pinsala, at isulong ang tunay na repormang agraryo sa harap ng mga kalamidad!

Hunyo 7, 2024

**Julian Sadiri, Spokesperson
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Ilocos**

Mag-iisang taon nang nagdurusa ang mamamayan sa El Niño mula ideklara noong Hulyo 2023. Patapos na ang kalamidad ng tagtuyot at tumutungo na ito sa panibagong kalamidad na posibleng mangyari sa panahon ng La Niña, subalit walang ginawa ang rehimen at ang mga ahensya nito upang saluhin ang matinding epekto nito sa kabuhayan ng taumbayan, lalo na ang mga pinakabulnerableng sektor na magsasaka, mangingisda at iba pang maralita.

Ayon sa tala ng Department of Agriculture-Region I noong Mayo 2024, umabot na ₱152 million ang pinsala ng tagtuyot ngayong El Niño sa mga pananim sa rehiyon. Pagtaya ng ahensya ay aabot sa 3,141.9 ektarya ng lupa at 5,968 na magsasaka ang apektado sa buong rehiyon. Siguradong mas malaki pa ito sa aktwal.

Kalunos-lunos ang epekto ng El Niño sa kalakhang sakahan at pangisdaan ng Ilocos. Dahil sa karamihang sakahan ay umaasa sa ulan para sa patubig, malaki ang ibinagsak ng kanilang ani na umaabot sa 50% hanggang 80%. Malawak na sakahan ang hindi na natamnan ng second crop sa palay, at hindi na natamnan ng mga produktong pangtag-araw kagaya ng pakwan at sibuyas. Bumaba ang ani sa mais nang hanggang 50% (mula 4-5 tonelada kada ektarya tungo sa 2-3.5 tonelada) dahil sa pagkabansot at sobrang pagkatuyo ng mga ito. Malaki din ang sira at pagbaba sa kalidad ng pananim na tabako, dahil sa kakulangan ng patubig. Sa nakuhang datos sa 49 magsasaka ng 5 barangay pa lamang, umaabot na sa 12.31 ektarya o 67% ng kanilang sakahan

ang nasalanta at nawalan sila ng halagang ₱644,645 kita sa palay.

Malaki din ang pinsala ng El Niño sa kabuhayan ng mangingisda ng Ilocos. Umaabot pa hanggang 99% ang ibinagsak ng huling isda sa mga baybay, o sa dating 500 kilo na huli, ngayon ay kulang pa ng 5 kilo na lamang. Sa iba naman ay kulang pa sa 15 kilo ang nakukuhang isda. Kung kaya't maraming mangingisda ang bihira o hindi na pumapalaot dahil sa labis na pagkalugi nila. Tuyo din ang mga ilog, sapa at ekta-ektaryang mga fish cage. Hindi man tuluyang natuyo, nangangamatay o hindi lumalaki ang mga isda rito dahil sa sobrang init.

Dahil sa El Niño, malaking dagdag pasanin sa gastos ng magsasaka at mangingisda ang krudo, gasolina at kuryente na tuloy-tuloy na nagmamahal. Lalong lumakas at dumalas ang pagbomba ng tubig gamit ang krudo at kuryente, dati ay isang beses ngayon ay tatlong beses na sa isang linggo. Mas marami ding gasolina ang ginagamit ng mga bangkang kailangang lumayo upang makapangisda.

Dahil sa pagtaas ng gastos sa produksyon at pagliit ng suplay, tumaas ang presyo sa merkado ng isda at gulay. Nasa 20% ang itinaas ng presyo ng isda, mula ₱120-₱150/kilo tungong ₱250-₱280/kilo ang low class at mula ₱250-₱280 tungong ₱400-₱500/kilo ang high class. Ang presyo ng sari-saring gulay naman ay tumaas nang abereyds na 40%.

Uhaw ang inaabot ng kalakhang maralitang masang Ilokano dahil sa pagkasaid ng mga bukal. Karamihang komunidad ay walang maayos at libreng serbisyo sa malinis na tubig inumin at pangbahay. Sa El Niño, lalo pa silang naghihirap at nagtitiis sa pagsalok sa malalayo, kundi man ay maruruming bukal. Ang iba ay bumibili ng mahal na ₱60/drum-₱80/drum ng tubig. Ang mga dating sumasalok lang sa malinis na bukal para sa tubig inumin ay bumibili na ngayon ng mahal na mineral water. Mas masahol pang pagsasamantala ang inaabot ng ilang komunidad na minomonopolyo ng panginoong maylupa ang tubig, para sa kanilang sakahan, pasto at negosyo kung kaya't salat na salat na ang nakakarating sa mga komunidad.

Maraming irigasyon sa Ilocos ang sira, pero imbes na kumpunihin at magtayo ng tunay na serbisyong patubig sa sakahan ay inilalaan ang pondo sa mga malalaki at mapanirang mga dam para sa negosyong hydropower kagaya ng Ilocos Norte-Ilocos Sur-Abra-Irrigation Project at Cabacanan Dam.

Sa katunayan, ang salanta na dulot ng El Niño ay bahagi lamang ng samu't saring salik ng pagbagsak ng ani at kita ng masang magsasaka at mangingisda ng Ilocos. Mula pa 2020, ramdam na ang lumalaking pagbagsak sa ani at kita nila na dulot ng kasalatan ng patubig, tuloy-tuloy na pagtaas ng gastos sa produksyon, hindi angkop na binhing HYVs, mga kalamidad at mga peste at kasalatan ng ayuda at kawalan ng subsidyo ng gubyrno.

Sa ganitong kalagayan, salat na salat ang ayudang ibinibigay ng reaksyunaryong gubyrerno sa magsasaka, mangingisda at iba pang maralitang mamamayang apektado ng kalamidad na El Niño. Noong pang nakaraang taon ay nagdedemanda na ang magsasaka at mangingisda sa Ilocos ng sapat na ayuda, subsidyo sa produksyon at ngayo'y bayad-pinsala dahil sa matinding pagbagsak ng kanilang ani at kita pero hanggang ngayon na sumirit na ang salanta ng tagtuyot sa kanilang kabuhayan ay wala pang responde ang mga ahensya ng gubyrerno.

Patunay ng kainutilan at kapabayaang ng gubyrerno ni Marcos, hinihintay pa na magdeklara ang mga munisipalidad ng "State of Calamity" bago maglabas ng pondo para dito, gayong idineklara na ang El Niño noon pang Hulyo 2023. Kapabayaang din sa panig ng mga LGU ang hindi kaagad pagdedeklara ng kanilang mga munisipalidad at probinsya sa "state of calamity" gayong noon pang nakaraang taon ay dumadaing na ang magsasaka at mangingisda ng laganap na salanta nito sa kanilang kabuhayan. Dahil dito, kailangan pa nilang magpetisyon sa mga LGU na ideklarang nasa "State of Calamity" ang mga probinsya para mailabas ang pondo, na mistulang hinihintay pang umamot ng ayuda sa karurokan ng kanilang kahirapan.

Makatarungan lamang na igiit ng magsasaka at mangingisda ang sapat na ayuda, subsidyo sa produksyon at bayad-pinsala sa panahon ng mga kalamidad. Dahil ang naghaharing rehimeng Marcos na kinatawan ng mga panginoong

maylupa at malaking burges kumprador ay hindi maasahang boluntaryong ilabas ang pondo para dito, kailangang isustini ang militanteng pakikibaka para igiit ang paglalabas ng mga ito upang gamiting subsidyo sa produksyon at makabawi sa kanilang kawalan. Halimbawa, nandiyan ang pondo mula sa excise tax ng tabako na laan para sa subsidyo sa produksyon ng tabako na kailangang gamitin ng magsasaka, imbes na ibulsa at gamitin lamang muli ng mga kurakot na pulitiko sa eleksyon.

Ang kalamidad na El Niño ay isa lamang sa samu't-saring suliranin na hinaharap ng masang magsasaka at iba pang maralita sa kanayunan. Higit pa sa pakikibaka para makuha ang nararapat na ayuda, subsidy at bayad-pinsala dito, kailangang isulong ng masang magsasaka at iba pang maralita sa kanayunan ang pakikibaka para sa pagtataguyod ng rebolusyonaryong programa para sa tunay na repormang agraryo. Ito ang tutumbok sa ugat ng kanilang karalitaan—ang kawalan ng lupa dulot ng monopolyo sa lupa at pyudal na pagsasamantala sa kanila ng mga panginoong maylupa, kasabwat ang kapitalistang pagsasamantala ng malalaking burges kumprador na sinusuhayan ng burukratikong kapabayaang estado at pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran sa agrikultura.

Laman ng rebolusyonaryong programa sa tunay na reporma sa lupa ang programa sa pagsalo sa pagbagsak ng kabuhayan ng magsasaka sa mga panahon ng kalamidad. Isinasaad dito na kung 20% ng ani o higit pa ang nasira ng anumang

kalamidad kagaya ng baha, tagtuyot, peste, sunog o aksyon ng kaaway, hindi magbabayad ang magsasaka ng anumang upa sa lupa sa panginoong maylupa. Kung 50% o higit pa ang nasira sa ani, hindi magbabayad ang magsasaka ng anumang upa sa lupa para sa kasalukuyang ani at pati sa susunod. Nakasaad din na pagpapasyahan ng samahan ng magsasaka ang makatarungang kabayaran sa mga utang at puede ding burahin ang utang dulot ng pagkasira ng ani.

Kalangkap ng pakikibaka kaugnay sa kalamidad, laman ng programa para sa tunay na reporma sa lupa ang ang pagpapatupad sa makatarungang presyo ng produktong bukid at gamit sa pagsasaka, pagpawi sa usura, pagbawas sa upa sa lupa hanggang mapawi ito. Ginagawa ito ng hakbang-hakbang, mula sa minimum hanggang sa maksimum na programa sa pagsasabansa sa lupain ng mga panginoong maylupa at libreng pamamahagi nito sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa.

Tanging ang pambansa-demokratikong kilusan, sa gabay ng Partido Komunista Komunista ng Pilipina, ang nagsusulong ng programa para sa pagpawi sa lahat ng anyo ng pagsasamantala at bumubunot sa ugat ng kahirapan ng nakararaming uring magsasaka at lahat ng maralitang masang Pilipino, at maisasakatuparan lamang ito sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.

Sa panahon ng kalamidad at higit kailanman, ang magsasaka at maralitang Ilokano ay nararapat na tumanaw sa pakikibaka para sa tunay na

repormang agraryo. Kailangan nating palawakin at palakasin ang ating rebolusyonaryong samahan, ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM), na nagsisilbing gulugod ng kilusang magsasaka. Kasabay nito ay kailangan nating palakasin ang New People's Army na nagsisilbing pangunahing sandata natin sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa. Sa ating karanasan sa Ilocos, natamo natin ang mga tagumpay sa kilusang magsasaka sa pamamagitan ng pagpapalakas sa rebolusyonaryong gulugod nito at armadong pakikibaka.

Kasing-init na hatid ng El Niño ang pag-aalab ng poot ng mamamayang Ilokano sa kapabayaang rehimen ng Marcos. Kailangan nating itaon ang poot na ito sa pagpapalabas at pagsusulong ng ating demokratiko at rebolusyonaryong pakikibaka at sa pagsusulong ng armadong pakikibaka hanggang matamo ang tunay na repormang agraryo.

Collectively demand for just compensation, end to state terrorism amid natural calamities

Hunyo 8, 2024

**Maoche Legislator, Spokesperson
NPA Negros Island Regional Operational
Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

The Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operations Command (AGC-NPA) calls on all NPA units and revolutionary forces throughout the island to show

its collective action to support Negrosanons affected by the eruption of Mt. Kanlaon last June 3 and the lahars in the following days.

All guerrilla fronts are tasked to lead efforts in gathering support from revolutionary mass organizations, various sectors and allies for immediate aid. Revolutionary mass organizations should be mobilized to extend help to the victims as soon as possible.

The recent volcanic eruption and damages caused by the El Niño phenomenon to the agricultural sector on Negros Island, now pegged at around ₱340 million in Negros Occidental and ₱2.4 billion in Negros Oriental, have taken a heavy toll on the lives and livelihoods of Negrosanon peasants and farm workers. Instead of concrete and legitimate assistance, the Marcos Jr regime has settled with mere performative acts of giving unsustainable aid for politicking and military propaganda. Recently, the 303rd Brigade has declared that it will continue conducting military operations in the countryside “amid its disaster response” in an effort to sugarcoat the reality that the reactionary government is more fixated on terrorizing the masses than serving them.

The Marcos Jr regime and its local government units must take seriously its responsibility to address the needs of the Negrosanon masses particularly in rebuilding their homes and livelihoods devastated by Mt. Kanlaon’s eruption and the succeeding floods. It has yet to fulfill its promise of government aid for the serious effects of the El Niño phenomenon on the island.

Thus, it is imperative for the Negrosanon masses to collectively demand for just compensation from the reactionary government for irreparable damages they had to endure in the succeeding calamities due to the reactionary state's inept and sluggish response. Furthermore, they must clamor for an end to relentless state terrorism.

The succeeding calamities have exacerbated landlessness and buried the Negrosanon masses in perennial destitution and hunger. Indubitably, agrarian revolution, a component of revolutionary armed struggle, must be pursued to solve centuries of feudal and semifeudal oppression and exploitation on the island. The NPA Negros is, as always, one with the masses in realizing such.

[Hiligaynon Translation]

Kolektibo nga idemanda ang makatarunganon nga kompensasyon, untaton ang terorismo sang estado sa tunga sang natural nga kalamidad

Hunyo 8, 2024

**Maoche Legislador, Spokesperson
NPA Negros Island Regional Operational
Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

Ang Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operations Command (AGC-NPA) nagapanawagan sa tanan nga yunit sang NPA kag rebolusyonaryo nga pwersa sa bilog nga isla nga ipakita ang kolektibo nga aksyon para suportahan ang Negrosanon nga apektado sang paglupok sang Mt. Kanlaon

nagligad nga Hunyo 3 kag sang lahar pagkasunod nga mga inadlaw.

Ginamandoan ang tanan nga larangan gerilya nga pangunahan ang pagpaninguha sa pagtipon sang suporta halin sa mga rebolusyonaryo nga organisasyon masa, nagkalain-lain nga sektor kag alyado para sa hinanali nga bulig. Dapat nga pahulagon ang rebolusyonaryo nga mga organisasyon masa para sa pagmobilisa nga makapaaambit sang bulig sa mga biktima sa pinakamadasig nga higayon.

Ang nahitabo nga paglupok sang bulkan kag kahalitan nga tuga sang El Niño phenomenon sa sektor pang-agrikultura sa isla sang Negros nga naglab-ot na sa P340 milyon sa Negros Occidental kag ₱2.4 bilyon sa Negros Oriental, ang nagpabudlay sa kabuhi kag palangabuhian sang Negrosanon nga pesante kag mamumugon sa uma. Sa baylo nga konkreto kag lehitimo nga bulig, ang rehimen ni Marcos Jr ang nagpabilin lang sa pagpakita sang drama sang pagpanghatag sang indi sustainable nga bulig para sa pamulitika kag propaganda militar. Sa sini lang, nagdeklarar ang 303rd Brigade nga magapadayon ini sa paglunsar sang operasyon militar sa kabukiran “sa tunga sang pagresponde sa kalamidad” sa pagpaninguha nga hinabunan ang kamatuoran nga mas determinado sila sa pagsabwag sang terorismo sa masa kaysa sa pagserbisyo sa ila.

Dapat nga seryoso nga atubangon sang rehimen ni Marcos Jr kag ang mga local government unit ang ila responsibilidad para hatagan pagtamod ang kinahanglanon sang masang Negrosanon

partikular sa liwat nga pagtukod sang ila mga puluy-an kag palangabuhian nga naguba sang paglupok sang Mt. Kanlaon kag sang asud-asod nga pagbaha. Magluwas, kinahanglan pa sini nga tumanon ang pasalig nga bulig sang gubyrno sa malala nga epekto sang El Niño phenomenon sa isla.

Sa amo, nagakaangay lang sa masang Negrosanon nga kolektibo nga magdemanda para sa makatarunganon nga kompensasyon halin sa reaksyunaryo nga gubyrno para sa indi makay-o nga mga kahalitan nga ila ginapangatubang para padayon makabato sa masunod nga mga kalamidad tungod sa ka-inutil kag lawlaw nga sabat sang reaksyunaryo nga estado. Dugang pa, dapat nila ipanawagan ang pagtapos sa mapintas nga terorismo sang estado.

Ang asud-asod nga kalamidad ang nagpalala sa kawad-on sang duta kag naglubong sa masang Negrosanon sa pangmalawigon nga kapigaduhon kag kagutom. Indi malipod, ang agraryo nga rebolusyon, isip sangkap sang rebolusyonaryo nga armadong paghimakas, ang dapat nga iduso para sa pagsolbar sang siglo na nga pyudal kag malapyudal nga pagpamigos kag pagpanghimulos sa isla. Ang NPA sa Negros, sa tanan nga panahon, kaugyon ang masa sa paglab-ot sini.

7 ka kabalayan sa Himamaylan City, ginpangransak sang 94th IB

Hunyo 10, 2024

**Dionesio Magbuelas, Spokesperson
NPA-South Central Negros (Mt. Canseron
Command)**

Ginpangransak sa mga armadong soldado idalom sang 94th IB kag elemento sang Citizen Armed Geographical Unit (CAFGU) ang pito ka kabalayan sa Sityo Cabagal, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental, alas 2:00 sang kaagahon, Hunyo 7, 2024.

Nagpamukaw ang mga militar sa mga kabalayan pero wala ini ginbuksan sang mga pumuluyo bangud sa kahadlok kag nadumduman nila ang natabo sa pamilya Fausto sa ila kaingod nga sityo nga ginmasaker sa mga militar.

Bangud sa kaakig sang mga soldado, ginpangsipa nila ang pwertahan sa mga balay tubtob nga nagkalaguba kag nagkalakakas ang mga ini. Isa sa mga biktima ang pamilya ni Leo De Baguio, nga ginapilit sa tropa militar nga padul-ongon sa ila kampo-militar. Nagpamalibad ang sibilyan nga mangunguma nga magdul-ong bangud sa kahadlok kapin pa nga ginaharas na sila sa mga militar kag nagakabalaka siya sa matabu sa iya kon mag-upod siya sa nasambit nga militar.

Duha lang ang detatsment nga malapit sa amo nga sityo, ang Hilamonan kag Mahalang detatsment. Dapat pasabton kag ipakamalaot ang mga tropa sang 94th IB kag mga paramilitar sa sini nga mga detatsment sa ginahimo nila sa mga sibilyan ilabi na sa mga nga mangunguma panahon sa ila operasyon.

CARP, tatlong dekada nang binibigo ang masang magsasaka!

Hunyo 10, 2024

Ma. Patricia Andal, Spokesperson NDF-Mindoro

Sa okasyon ng ika-36 taon ng pagsasabatas ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), patuloy na ipinapanawagan ng NDFP-Mindoro sa masang magsasaka na militanteng isulong ang rebolusyong agraryo (RA) na siyang tanging paraan para masakatuparan ang kanilang daantaong paghahangad sa lupa.

The Christians for National Liberation stresses the importance of organizing, and waging revolution. The united front, in support of the armed struggle, should chart our way to genuine freedom from oppression and imperialism. We are one in defeating imperialism, the US and China, including all reactionaries and their cohorts, and the ruling elite, those who keep the status quo and the presence of exploitation in the lives of the Filipinos. For the CNL, only through the armed revolution coupled with a firm faith in the people's struggle and history is the key to genuine democracy and freedom. The CNL firmly believes that reforms and other band-aid measures through sham land reform programs, and the bourgeois elections have only extended the suffering of the Filipino people. This has only worsened prolonged systemic oppression.

We reiterate and continue to uphold CNL's plan from its 9th congress: to consolidate and expand our ranks; participate and support the armed struggle; participate in the anti-fascist, anti-imperialist and anti-feudal open mass movement and parliamentary struggle; push the peace

negotiations between the Democratic Front of the Philippines (NDFP) and Philippine government; win over the leadership of the institutional church to support the national democratic revolution (NDR) and deprive its support to the reactionaries; and mobilize the international network to support the NDR; and participate in the global anti-imperialist struggle against fascism and war. The CNL with all its might and heart will continue to forge on the revolution. We have a rich history and background of ground resistance from the Katipunan (old type) and now continuing to the new type. This is what we hold on to.

Under the leadership of the proletarian party, continuing under the new type of revolution, the Communist Party of the Philippines, along with its armed wing, the New People's Army, we continue to solidify our efforts and be part of the revolution as Christians who believe in the strength of the people to overturn their circumstances and redirect history. Through the NDFP leadership, which pursues the revolutionary class line in the united front and promotes unity, cooperation, and coordination of all patriotic and progressive classes, sectors, and forces to fight for national liberation and democracy, the CNL vows to be united with the people, and overthrow the oppressive and exploitative ruling system—represented by the US-Marcos II regime. The CNL is also one in conducting proletarian internationalism and reciprocal solidarity with other oppressed peoples of the world fighting US imperialism.

The CNL therefore, upholds the NDF's 12-point program: to terminate all unequal relationships with the United States and other foreign entities (5); To implement genuine agrarian reform, promote agricultural cooperation, and ensure agricultural sustainability and employment through modernization of agriculture and rural industrialization (6). Thus, this also comes with the breaking of the US-big comprador-landlord dominance over the economy, thus building robust national industrialization that will pave the way to an independent and self-reliant economy (7). Lastly, to adopt an independent and peaceful foreign policy that will serve the Filipino people (12).

In the words of the great revolutionary Prof. Jose Maria Sison (Struggle for National Democracy, 1967):" Let us above all strive for national democracy in this country. xxx That national unity can only be created if we are bound with the masses in a common struggle against U.S. imperialism, feudalism, and bureaucrat capitalism."

Win the National Democratic Revolution with a Socialist Perspective! Attain Greater Victories in the People's War! Long live the Communist Party of the Philippines! Join the New People's Army! Long live the National Democratic Front of the Philippines! Long live the Filipino People!

Ang tunay na paglaya ng bayan laban sa imperyalismo, pyudalismo at pasismo ay makakamit lamang sa pamamagitan ng armadong rebolusyon!

Hunyo 12, 2024

Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma)

“Walang tunay at mabisang ‘kalayaan’ sa isang lipunang nakabatay sa kapangyarihan ng pera, sa isang lipunan kung saan ang masang manggagawa ay namumuhay sa kahirapan at ang maliit na mayaman ay namumuhay na parang mga parasito.”—Vladimir Lenin

Sa ika-126 na Araw ng Kalayaan ng Pilipinas, nakikiisa ang mga kasapi ng KAGUMA sa lahat ng mga rebolusyonaryong puwersa na nagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan upang wakasan ang lahat ng uri ng pagsasamantala sa sambayanang Pilipino. Sa loob ng 126 na taon, nananatiling alipin at sunod-sunuran sa imperyalistang US ang ating estado. Ang pinakamalaking Balikatan Exercises noon nakaraang Mayo 2024 ay naglantad sa pagpapakatuta ng rehimeng Marcos sa imperyalistang US. Ginigiyahan ng imperyalistang US ang rehimeng Marcos upang tumalikod sa Tsina at tuluyang mangayupapa sa kapangyarihan ng imperyalismong US.

Ngayong araw, hinihimok ng KAGUMA ang lahat ng mga makabayan at progresibong guro na

gunitain at tularan ang kabayanihan ni Andres Bonifacio at ng Katipunan, ang sakripisyong hindi matatawaran nina Macario Sakay, Miguel Malvar, Antonio Luna at maraming Pilipinong nakipagdigma sa mga kolonyalista upang makalaya ang ating bayan sa pamatok ng imperyalismo!

Bilang mga rebolusyonaryong guro, mga manggagawa sa sektor ng edukasyon, may tungkulin tayong isulong ang ikalawang kilusang Propagandang sinimulan nina Rizal, del Pilar at Jaena upang ganap na maiwaksi ang kolonyal na kulturang nakatanim sa kaisipan ng ating mga kababayan. Ang misedukasyon ng ating mga kababayan na pinalaganap ng mga Amerikano ay mawawakasan lamang sa pagsusulong ng makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon.

Alam natin na hindi makakamit ang tunay na Kalayaan para sa ating bayan sa repormistang daan na tinaguyod ng kilusang Propaganda noong ika-labing walong siglo. Sa ating karanasan sa Rebolusyong 1896, nabatid natin na hindi ibibigay ng mga imperyalista at ang kanilang mga lokal na kasapakat ang kalayaan ng mga masang pinagsasamantalahan na hindi sila gumagamit ng dahas. Kailangang agawin sa kamay ng mga naghaharing uri ang estado at gawin itong instrumento ng mga anakpawis at magsasaka upang wasakin ang burges na estado. Kaya sa demokratikong rebolusyong bayan lamang natin maibabagsak ang pang-aalipin sa masang Pilipino

sa kuko ng pyudalismo, pasismo, at burukrata kapitalismo.

Nakikiisa rin ang KAGUMA sa welga ng mga tsuper ng dyip at opereytor upang ipanawagan ang pagbabasura sa jeepney modernization program (JMP). Ang laban ng mga tsuper ng dyip ay pagpapatunay lamang na huwad ang kalayaan na ibinigay sa atin noong ika-12 ng Hunyo 1898. Ang kalayaang binigay sa ating bayan ay nananatiling pormal na kalayaan lamang sa mga mahihirap ngunit tunay na kalayaan para sa mayayaman, mga panginoong may-lupa, at mga burges kumprador na nagpapakasasa sa ating likas yaman at pawis ng mga manggagawa at magsasaka!

Mga kasamang guro, isigaw natin ang tunay na Kalayaan ng ating bayan laban sa imperyalismo! Isulong natin ang ikalawang kilusang propaganda na may sosyalistang perspektiba! Magpakahusay tayong guro sa pamamagitan ng pagpapalawak ng ating mga klase hindi lamang sa loob ng ating paaralan. Saklawin natin ang lahat ng espasyo ng ating Lipunan sa pagmumulat ng ating mga kababayan upang makawala sila sa misedukasyong dulot ng kolonyal na edukasyon ng mga imperyalista! Tayo na at maging mga magigiting at mababangis na bagong Katipunero!

Digmang bayan, hindi pekeng reporma sa lupa ang solusyon sa kahirapan ng magsasakang Palaweño

Hunyo 12, 2024

Leona Paragua, Spokesperson NDF-Palawan

Kinukundena ng National Democratic Front-Palawan ang ginawang panlilinlang ng reaksyunaryong gubyrno sa mga magsasaka sa Palawan na pekeng pamamahagi ng lupa noong Abril. Kasabay nito, nagpapatuloy ang iskema ng lokal at mga ahensya ng gubyrno para sa sistematikong pangangamkam ng lupa ng mga dayuhang korporasyon ng mina, plantasyon at lokal na MBK-PML sa lupain ng masang Palaweño. Nagngingitngit ang taumbayan sa isinagawang sirkus ng Department of Agrarian Reform (DAR) noong Abril 11 sa isang engrandeng okasyon ng pamamahagi ng mga pekeng titulo, indibidwal at kolektibong Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa 2,046 magsasaka dahil ang mga ipinamahaging CLOA ay hindi naman nakapangalan sa tunay na mga benepisyaryo at iba ang address na nakalagay.

Ang iskemang ito na bahagi ng programa ng rehimeng US-Marcos II na “sariling lupa para sa bagong bukas na masagana” ay isang gasgas na modus operandi na kinopya lamang niya sa mga nagdaang rehimen. Malaon nang nalantad sa masang magsasaka kung paano ginamit ng rehimeng US-Aquino I ang pamamahagi ng CLOA sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) para sa sistematiko at mas mabilis na pangangamkam at rekonsentrasyon ng lupa sa mga panginoong maylupa mula sa mga magsasaka. Sa Palawan, tusong nagamit ni Jose Chavez Alvarez ang iskemang ito ng CARP para i-

monopolyo ang malalawak na lupain sa probinsya kabilang na ang buong bayan ng San Vicente.

Ang palabas na itinuturing ng mga Palaweño bilang isang sirkus ay panlilinlang at pagkukubli sa tunay na kalagayan ng kawalan ng tunay na reporma sa lupa sa probinsya. Hanggang sa kasalukuyan, 37 taon na ang nakalilipas mula nang isinabatas ang Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) ay hindi pa rin naipapamahagi ang mga lupaing isinailalim sa CARP sa probinsya. Kabilang sa mga ito ang Yulo King Ranch at Lupang Paseco sa Coron at Busuanga, lupang inaangkin ng Sto. Rosario Development Corporation sa Coron; at ng Pujalte Estate/Guevent sa Taytay. Sa halip, ipinapailalim ng lokal na gubyerno kasabwat ang iba't ibang ahensya ng pambansang gubyerno ang malalawak na lupaing kabilang sa 447,776 idineklara bilang alienable and disposable land sa mga malalaking dayuhan at lokal na kumpanya ng mina, mga kontrata sa agrokorporasyon at ekoturismo. Kasabay nito ang kabi-kabila at laganap na pangangamkam ng lupa sa mga magsasaka at lupaing ninuno ng mga katutubo sa anyo ng iba't ibang mga kasunduan at kontratang iniendorso ng gubyerno sa mga magsasaka. Halibawa nito ang leasehold agreement para bigyang daan ang mga plantasyon ng oil palm. Napakalaking kabalintunaanang namamahagi kuno ang DAR ng titulo sa 2,047 magsasaka nitong Abril habang sa ilang bayan sa timog Palawan ay baon sa milyong pautang ang mga magsasaka at nanganganib na mawalan ng lupa matapos linlangin sa tagibang na

mga kasunduan sa pagtatanim ng oil palm na hinikayat mismo ng lokal na pamahalaan.

Tulad ng mga nagdaang rehimen, wala ni katiting na sinseridad at malasakit ang rehimens ng US-Marcos II sampu ng mga alipures nito sa lokal na gubyrerno ng probinsya sa kapakanan ng masang magsasaka. Nito lamang dumaan na sakunang hatid ng El Niño, naitala sa probinsya ang halos ₱1 bilyong pinsala sa agrikultura o ₱955,929,918.5. May 9,537 ektaryang lupang agrikultural ang natuyo na kalakha'y taniman ng palay, mais, gulay, kamote at iba pang pananim. Idineklara ang state of calamity sa Balabac, Brooke's Point, El Nido at San Vicente habang nagrehistro rin ng matinding pinsala ang Araceli, Bataraza, Busuanga, Coron, Quezon, Rizal, Sofronio Española at Roxas o katumbas ng halos buong isla ng Palawan. Ang kalunos-lunos na kalagayang ito ng masang magsasaka ang ibayong nagsasadlak sa kanila sa karalitaan. Ang malaking katanungan at hinaing nila, ano ang solusyon dito ng reaksyunaryong gubyrerno?

Ang tunay na reporma sa lupa kaakibat ang pambansang industriyalisasyon ang kalutasan sa daantaon nang suliranin ng masang magsasaka. Sa maksimum na layunin ng rebolusyong agrayo kukumpiskahin ang malalawak na lupain ng mga panginoong maylupa at libreng ipapamahagi ito sa mga magsasakang walang sariling lupa o kulang nito. Sa kalagayan ng Pilipinas na pangunahi'y bansang agrikultural, nararapat na tutukang paunlarin ang sektor na ito at iangat ng kabuhayan ng masang magsasaka, kaalinsabay ng

isang tunay na pambansang industriyalisasyong magsisilbi para sa pambansang kaunlaran at kasaganaan. Taliwas rito ang tinatahak ng rehimeng US-Marcos II na buu-buong nagpapahintulot at nagbibigay-daan sa dayuhang panghihimasok at pandarambong. Ganundin ang lubos na pagtataguyod sa patakarang neoliberal ng imperyalismo sa kapariwaraan ng lokal na produksyong pang-agrikultura.

[202406-Rebolusyong-Agraryo-hindi-CARP]

Tanging sa pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas na nagsusulong ng tunay reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang landas sa kalutasan sa mga saligang suliranin ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Dapat isulong ng masang magsasaka ang rebolusyong agraryo bilang mahalagang sangkap ng digmang bayang inilulunsad sa kanayunan. Hakbang-hakbang itong isinusulong ng mga saligang organisasyong masa ng masang magsasaka, katutubo, Hukbong Bayan at ng mga sangay ng Partido na siyang bumubuo ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Tinatawagan namin ang lahat ng maralitang magsasaka at manggagawang bukid at ibang pang api't pinagsasamantahan sa kanayunan na itayo ang pinakamaraming samahan ng kanilang sektor at sumampa sa BHB upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan na sa saliga'y isang digmang magsasaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.#

Ipaglaban ang soberanya, biguin ang pang-uupat ng gera ng imperyalismong US!

Hunyo 12, 2024

NDF-Cagayan Valley

“Masdan mo ang iyong lupa, dayong hukbo’y nakatanod Masdan mo ang iyong dagat, dayong bapor nasa laot!” —’Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan’, Amado V. Hernandez

Mahigit kalahating siglo na mula nang isulat ni Amado V. Hernandez ang tula ngunit totoo at angkop pa rin ito sa kasalukuyang panahon. Sa okasyon ng ika-126 taon ng deklarasyon ng huwad na kalayaan ng Pilipinas, kasabay ang tumitinding banta sa soberanya at seguridad ng mamamayang Pilipino, marapat lamang na gunitain ang araw na ito sa pamamagitan ng lahatang-panig na paglalantad sa pananakop at siglong paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas. Ang buong kasaysayan ng kolonyal at neo-kolonyal na paghahari nito sa bansa ay kinatampukan ng mga pinakamasasahol na krimen, paglapastangan sa mga karapatang-tao at walang-habas na pandarambong sa mga likas na yaman ng bansa.

Hindi mawawaglit sa gunita ng sambayanang Pilipino ang pamamaslang at marahas na panunupil ng militar ng US sa pamumuno ni Gen. Elwell Otis, sa tinatayang 1.4 milyong Pilipino (10% ng populasyon noon) sa mga unang taon ng gerang Pilipino-Amerikano. Sa mga panahong ito, isinailalim ang buong kapuluan sa

kahindik-hindik na tortyur tulad ng water cure, hamleting at pagsunog sa puu-puong baryo at komunidad. Minasaker ang lahat ng batang may edad 10 pataas samantalang libu-libong Moro kabilang ang kababaihan at bata ang walang-awang pinatay.

Ipinagpatuloy ang pandarahas at panunupil sa ilalim ng neo-kolonyal na estado matapos igawad ng US ang huwad na kalayaan noong 1946. Sa pamamagitan ng mga tagibang na kasunduan, nanatiling mahigpit ang kontrol ng US sa bansa sa larangan ng pulitika, ekonomya, kultura at militar, kasabwat ang ang uring malalaking burgesya komprador bilang pangunahing ahente at tagapamandila ng imperyalismong US sa Pilipinas, at mga tradisyunal na panginoong maylupa na nagtali sa mayorya ng mga Pilipino sa pyudal at malapyudal na pagsasamanta na siyang baseng sosyal ng imperyalismo

Malinaw sa kasaysayan kung papaanong inagaw ng kolonyalistang US ang tagumpay ng mga Katipunero laban sa mga kolonyalistang Espanyol at binili ang Pilipinas mula sa huli sa halagang \$20 milyon sa ilalim ng Treaty of Paris. Sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig kung saan nakaladkad ang bansa sa gyera ng imperiyalistang US at Japan, itinayo ng US ang USAFFE laban sa mga kasapi at yunit ng HUKBALAHAP na nagsulong ng pakikidigmang gerilya laban sa Hapon. Katulad ng deklarasyon ng kalayaan noong 1989, inagaw ng US ang tagumpay ng HUKBALAHAP na siyang tunay na

gumapi at nagpabagsak sa okupasyon ng Hapon sa bansa.

Dahil sa neo-kolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas, hindi kailanman nakamit ng sambayanang Pilipino ang tunay na pambansa at panlipunang paglaya. Bagkus ito ang lalong nagtali sa bansa sa dikta ng dayuhan at nagpanatili sa atrasadong ekonomya. Sa pagpataw ng US sa neoliberalismo, lalong nasadlak sa kumunoy ng kahirapan ang mamamayan. Patuloy na pinipiga ang murang lakas-paggawa ng mga aliping sahurang at walang pakundangang nilalapastangan ang kalikasan at mga likas na yaman.

Ang mga malalaking burgesya komprador at mga dinastiya sa burukrasyang sibil na iniluklok ng US sa Malacañang at Kongreso bilang mukha ng “malaya” at “nagsasariling” bayan, na siya ring may monopolyo sa kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika, ang siya ngayong nagtutulak sa bansa sa bingit ng kapahamakan, alinsunod sa dikta ng imperyalismong US. Silang mga taksil sa bayan na handang itulak ang Pilipinas sa inter-imperyalistang gyera. Ang mga uring ito, sa pamamagitan ng tutang rehimeng US-Marcos Jr, kanilang armadong pwersa, ang AFP at PNP, patuloy na namamayagpag ang presensya at dominasyong militar ng US sa bansa.

Dahil sa mga di-patas na kasunduang militar tulad ng MDT, VFA at EDCA, malayang nakakapasok at nanghihimasok ang militar ng US sa bansa. Sa pamamagitan ng mga tratadong ito, lubusang isinusuko ng rehimen at naghaharing uri ang

soberanya ng Pilipinas, na sa isang panig ay nagbibigay ng pribilehiyo at ekstrateryal na karapatan sa mga sundalong Amerikano. Sa kasalukuyan, Pilipinas ang isa sa pinakamalaking base militar ng US sa buong mundo kung saan nakaposisyon ang mga kagamitang pandigma, mga deklarado at hindi na kampo at pasilidad kabilang ang siyam na EDCA site, taunang lunsaran ng malawak at malalaking ehersisyo militar, at deployment ng mga tropang Amerikano na lumalahok at namumuno sa kontra-insurhensiyang kampanya ng AFP.

Sa pagtindi nga krisis ng monopolyo kapitalismong sistema sa buong mundo, at paghina ng hegemonya ng US, nagpapakawala ito ng pinakamalulupit at pinakabrutal na gyera laban sa mga mamamayan. Mula sa nabibigong proxy war ng NATO-Ukraine laban sa Russia, at ngayo'y pampulitikang pagkatalo dahil sa suporta nito sa henosidyo ng Zionistang Israel laban sa mga Palestino, nagkukumahog itong pasiklabin ang gyera sa Asya-Pasipiko laban sa karibal na China.

Sinasamantala nito ang kontradiksiyon sa pagitan ng Pilipinas at China kaugnay sa usapin ng West Philippine Sea at sistematikong minamanipula ang sentimyento ng mamamayang Pilipino upang bigyang-matwid ang pang-uupat ng gyera laban sa China. Sa halip na igiit ang diplomatikong resolusyon sa hidwaan sa WPS sa pamamagitan ng desisyon ng UNCLOS, hinahayaan naman ng rehimeng US-Marcos Jr na tuluyang makaladkad ang bansa sa gyera sa pamamagitan ng

pagpapahintulot sa US na yurakan ang kasarinlan ng Pilipinas.

Dapat na sariwain ang alab ng damdamin nang humawak ng armas ang mga Katipunero sa Rebolusyong 1896. Hindi natapos sa pakikibaka nila Andres Bonifacio ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Bagkus, simula lamang ito at hanggang ngayon ay ipinagpapatuloy sa pamamagitan ng paglulunsad ng bagong tipo ng rebolusyon - pinamumunuan ng uring proletaryado, hindi ng burgesya, at pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba.

Sa ilalim lamang ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan na pangunahing itinataguyod ng Bagong Hukbong Bayan, mahahawan at makakamit ng sambayang Pilipino ang isang lipunang tunay na malaya, demokratiko at may hustisya. At tanging sa pananagumpay lamang ng dalawang-yugtong rebolusyon mawawakasan at mapuputol ang kadena ng imperyalismong US sa Pilipinas.

Ipagtagumpay ang bagong tipo ng rebolusyong pambansa-demokratiko upang kamtin ang tunay na kalayaan!

Hunyo 12, 2024

Arman Guerrero, Spokesperson NDF-Rizal

Nananawagan ang National Democratic Front-Rizal sa lahat ng mamamayang Pilipino na nagmamahal sa ating bansa na patuloy na sumuporta at lumahok sa isinusulong na bagong-tipo na demokratikong rebolusyong bayan ng CPP-NPA-NDF. Ito lamang ang tanging paraan upang makamit ang ganap na kalayaan mula sa dituwirang paghahari ng imperyalismong US sa pamamagitan ng kanilang mga lokal na alipures na mga burukrata kapitalista at malalaking burgesya kumprador na syang nagpapanatili sa ating lipunang nakatanikala sa malakolonyal at malapyudal na sistema. Dahilan upang magpahanggang ngayon ay hindi ganap na malaya ang ating lipunan sa pagsasamantala ng mga naghaharing uri.

Ang digmaang ito ay rebolusyonaryo, makatarungan at makatwiran sapagkat ipinaglalaman nito ang rebolusyonaryong interes ng malawak na pinagsasamantalang mamamayan. Ipinatutupad nito ang rebolusyong agraryo at hinahangad ang pambansang industriyalisasyon na mag-aahon sa laksang magbubukid sa kawalang ng lupa at pagsasamantalang pyudal. Nilalayon nitong makumpleto ang pakikibaka para sa pambansang kasarinlan. Itinatayo rin nito ang demokratikong gubyernong bayan. Hindi ito magagawa kung hindi mag-aarmas ang mamamayan at kung walang tunay na hukbo ang mamamayan na

dudurog sa kapangyarihan ng mga naghahari upang maagaw ang kapangyarihang pampulitika.

Ang ating rebolusyon ay pagpapatuloy ng rebolusyong Pilipino noong 1896 subalit ito ay isang bagong tipo na nasa pamumuno ng proletaryado at may perpesktibang sosyalista. Kakaiba na ito sa lumang tipo ng rebolusyong burges-kapitalista na isinulong noon nina Andres Bonifacio. Baguks, ito ay bahagi na ng proletaryo-sosyalistang rebolusyon mula nang pumutok noon ang unang imperyalistang digmaan at nagtagumpay ang sosyalistang Rebolusyong Oktubre sa Rusya.

Mula nang tayo ay sakupin ng Espanya sa loob ng mahigit tatlong daang taon ay isinulong pangunahin nina Andres Bonifacio ang Rebolusosyong 1896. Halos napagtagumpayan na ng mga Pilipino ang rebolusyon sa buong kapuluan maliban na lamang sa Intramuros. Subalit inagaw ng US ang tagumpay na ito sa pakikipagkasundo ni Emilio Aguinaldo sa pakana ng US na makabalik siya sa Pilipinas (mula sa pagpapatapon nito sa Hongkong at pagsuko kapalit ng \$800,000 sa kasunduan sa Biak na Bato), upang papasukin ang pwersang ng US sa Manila Bay (Battle of Manila Bay) at linlangin ang mga Pilipino na sila ang nagpalaya sa atin dahil sa kanila sumuko ang Espanya. Nais palabasin ng US na sila ay maasahang kaibigan subalit ang totoo'y binili nila ang Pilipinas sa Espanya sa halangang \$20 milyon. Kung kaya't ang deklarasyong ng kasarinlan noong Hunyo 12, 1898 na ating ipinagdiriwang ngayon ay hindi natin ganap na

natatamasa dahil sa pananakop sa atin ng US hanggang Huly 4, 1946 at mula dito'y di-tuwirang pangongolonya sa ating bansa hanggang kasalukuyan.

Habang tumitindi ang kahirapan, kagutuman at kawalang katarugnan sa mga malakolonyal at malapyudal na lipunan dulot ng tumitinding krisis ng mga imperyalistang bansa na nauuwi ngayon sa hindi na maitagong ribalan, agawan ng pamilihan, hatian ng mga rehiyon sa daigdig at pagpapakita ng kani-kanilang lakas militar tulad ng US at China, ay napakataba ng lupa upang isulong at itaas sa mataas na yugto ang ating digmang bayan.

Sa tagisang ito ng US at China, ang US pa rin ang nangungunang imperyalista na kumukubabaw at kumokontrol sa ating bansa. Kung tutuusin sa bagong 17 base militar ng US sa Pilipinas sa pamamagitan ng Enhanced Defence Cooperation Agreement (EDCA) ay halos katumbas na ito ng panunumbalik ng US military bases noon bago pa matagumpay na napalayas ito ng mga Pilipino taong 1991. Patuloy nitong sinasanay, isinasailalim sa indoktrinasyon at inaarmasan ang Armed Forces of the Philippines na isa sa pinakamasugid na tuta nito mula nang kanyang itayo noong 1903 upang supilin ang mga Pilipinong patuloy na nakikipaglaban para sa kalayaan. Malalim na nakatamin ang mga tagapayong militar ng US sa AFP sa pamamagitan ng Joint US Military Advisory Group (JUSMAG). Ang US din ang bumabansot sa ating ekonomiya upang manatiling murang hilaw na materyales

lamang ang ating malikha para sa kanilang pangangailangan at tambakan naman tayo ng mas mahal na mga yaring produktong imported. Katuwang ang papet na mga rehimeng kanyang binabasbasan upang mailuklok, ang US ang pangunahing utak ng mga kontra-insurhensiyang mga pakana upang supilin ang paglaban ng mamamayan at paghahangad ng tunay na kalayaan. Sa pamamagitan nito, binabansagan nilang terorista at kaaway ng estado ang mga rebolusyonaryong nagsusulong ng armadong pakikibaka at maging ang mga aktibista at mga legal na mga samahang pambansa-demokratiko na ang tanging pinaglalaman ay ang karapatan para sa lupa, kabuhayan at tunay na kasarinlan.

Ganundin naman nararapat na tutulan at kundenahin ang mga agresibong aksyon at iligal na pag-angkin ng China sa halos 90% ng South China Sea. Lalu't higit ang paggamit ng US sa usaping ito upang manghimasok, lalung mang-upat ng gyera at ipagkait ang independyenteng kapasyahan ng Pilipinas na iresolba sa mapayapa at diplomatikong pamamaraan ang usapin sa West Philippine Sea.

Kilalanin natin ang ating tunay na kaaway. Huwag magpalinlang sa mga nagpapanggap na mga kaibigan tulad ng US. Umasa sa sariling lakas. Tanging sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at sa pagtatagumpay nito makakamit ang tunay na kasarinlan ng ating bansa na ipinagdiriwang natin ngayong ika-126 taon na araw diumano ng kalayaan.

Mamamayang Mindoreño, dalhin sa tagumpay ang Rebolusyong 1896 sa bago nitong tipo! Mag-armas para sa kalayaan laban sa imperyalismong US!

Hunyo 12, 2024

Madaay Gasic, Spokesperson NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)

Ngayong araw, Hunyo 12, ginugunita ng mga naghaharing uri at ng mala-kolonyal na estado ang ika-126 taon mula nang ideklara ng palasukong uring burgesya, sa pamumuno ng taksil na si Emilio Aguinaldo, ang pagkakatatag ng “nagsasariling” Republika ng Pilipinas. Higit isang siglo ang lumipas, nanatiling papet at mala-kolonya ng US ang Pilipinas. Ang tumitinding kontrol ng US sa ekonomiya, pulitika at militar ng bansa ay siyang puno’t dulo ng kahirapan at karahasang humahagupit sa masang anakpawis ng Mindoro at sa buong kapuluan.

Mula nang pumihit patungong Asya noong 2011, tuloy-tuloy ang paghahanda ng US sa Pilipinas bilang teatro ng pakikidigma laban sa Tsina, ang bagong imperyalistang kapangyarihang karibal nito sa Asya. Umiigting ang tensyon sa West Philippine Sea kung saan pamalagian na ang panghihimasok ng mga pwersa ng US sa tabing ng pag-suporta sa Philippine Coast Guard. Pinararami sa kasalukuyan ang mga bagong base militar ng US na tinatawag nitong EDCA site (Enhanced Defense Cooperation Agreement site) para ikatwiran na walang umiiral na base militar ng US

sa bansa. Nitong Marso lamang, isiniwalat ng isang senador na sa aktwal, 16 ang itinatayo at pinaunlad na base militar ng US sa Pilipinas. Dalawa sa 16 na ito ang matatagpuan sa kalapit na isla ng Palawan. Inilunsad din mula Abril hanggang Mayo ngayong taon ang pinakamalaking Balikatan Exercise sa pagitan ng AFP at ng militar ng US. Nilahukan ito ng 14 pang bansang alyado ng US bilang mga observer. Malaking balakid ang Tsina sa dominasyon ng US sa buong mundo at walang pakundangan na isinasapanganib ng pang-uupat ng gyera ng US ang buhay at kaligtasan ng milyun-milyong Pilipino para ipagtanggol ang interes nito sa Asya-Pasipiko.

Dito sa Mindoro, inilunsad nitong Enero ang ehersisyong militar na “maritime cooperative activity” (MCA) ng tropang Amerikano at Pilipino sa Cabra Island, Occidental Mindoro. Matatagpuan din sa Lubang Island, Occidental Mindoro ang misayl na inilagak ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ilang ektarya ng lupain na inilaan para gawing kampo-militar.

Palalalain ng dagdag presensya ng militar ng US ang militarisasyon sa Mindoro. Itinalaga ang Mindoro bilang “eye of the storm” sa rehiyong TK ng Joint Campaign Plan Kapanatagan (JCP Kapanatagan), isang programa sa kontra-insurhensya na binalangkas ng rehimeng US-Duterte sa turo ng imperyalistang amo nito. Nagpapatuloy ang madugong programang ito sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II at National Task Force to End Local Communist Armed Conflict

(NTF-ELCAC). Nabubuhay ang masang Mindoreño sa ilalim ng matinding terorismo ng estado. Biktima ang mga Mindoreño ng paniniktik, pananakot, pwersahang pagpapasuko, iligal na detensyon, pagpaslang at iba pang porma ng paglabag sa karapatang pantao. Nakagawian na ng mga pwersang AFP-PNP at paramilitar na mamalagi o magtayo ng kampo sa mga komunidad para ipataw ang klima ng matinding takot at pagdududahan ng masa sa isa't isa. Walang habas na binobomba at ini-istraping ang mga komunidad ng mga magsasaka at katutubong Mangyan sa kanayunan. Ang teroristang paghahari ng mga pwersa ng estado sa Mindoro at sa buong bansa ang naghahawan ng daan para malayang madambong ng imperyalistang US at ng mga dambuhalang negosyo ng mga monopolyo kapitalista ang yaman ng Pilipinas.

Nasa plano ng US na gamiting pambanat na pwersa ang AFP-PNP laban sa Tsina kung kaya tinakdaan nito ng dedlayn ang huli upang madaliin nitong tapusin na ang rebolusyonaryong paglaban ng sambayanang Pilipino na pinangungunahan ng CPP-NPA-NDFP. Kung babalikan ang aral sa kasaysaysan, ang pagbira ng AFP-PNP sa mga pwersang rebolusyonaryo ngayon ay maihahalintulad sa atas ni Aguinaldo na paslangin sina Gat Andres Bonifacio at Antonio Luna upang bigyang luwag ang todong pagpapakuta nito sa dayuhang US. Ang pagkakanulo ng uring burgesya na kinatawan ni Aguinaldo sa rebolusyong Pilipino ang nagtakda kung bakit hindi nalubos ang tagumpay ng Rebolusyong 1896. Tungkulin ng kasalukuyang henerasyon at nang mga susunod

pang rebolusyonaryong Pilipino na lubusin ang tagumpay ng nagpapatuloy na paglaban na ito. Ang ibagsak ang reaksyunaryong rehimen na nakatayo sa bansa na ngayon ay nasa kontrol ng rehimensing US-Marcos II ang dapat nating pagpunyagian ngayon.

Sa Araw ng Huwad na Kalayaan, panawagan ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro sa masang anakpawis at mga Mindoreño na tumangan ng armas para labanan ang teroristang AFP at ang amo nitong imperyalistang US. Marapat at makatwiran na tayo ay maglunsad ng armadong rebolusyon para palayain ang ating mga sarili mula sa tanikala ng imperyalistang US at mga papet nitong diktador katulad ni Ferdinand Marcos Jr.

Dapat panatilihin buhay at patambulin ng masang anakpawis ang panawagan ng Rebolusyong 1896 laban sa kolonyalistang Espanyol sa pamamagitan ng paglaban sa imperyalismong US sa balangkas ng bagong tipong pambansa demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng uring manggagawa at maghahawan ng daan tungong sosyalismo. Ang demokratikong rebolusyong bayang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang tanging paraan hindi lang para lumaya ang sambayanan mula sa mga dayuhang mananakop kung hindi para rin ganap na lumaya ang masa mula sa lahat ng anyo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Mamamayang Mindoreño, mag-arms para ibagsak ang imperyalismong US at labanan ang agresyon ng China!

Palakasin ang rebolusyonaryong pwersang Pilipino sa bagong tipong Pambansa-demokratikong rebolusyon!

Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

Nananatiling hindi malaya ang Pilipinas! Ipagpatuloy ang rebolusyon upang ibagsak ang imperyalismo at tuluyang makamit ang pambansang paglaya

Hunyo 12, 2024

Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Masbate

Hinihimok ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid-Masbate ang lahat ng mga Masbatenyo na gunitain ang Araw ng Huwad na Kalayaan sa katotohanang hindi tayo malaya. Dapat na magbalik-tanaw sa kasaysayan ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa paghahari ng imperyalismo sa bansa.

Kung babaybayin ang kasaysayan ng bansa, makailang beses na nakarating ang rebolusyong Pilipino sa pintuan ng kasarinlan subalit palagi itong naagaw ng US kasabwat ang mga lokal na taksil sa bayan.

Matapos ipapatay si Bonifacio upang maagaw ang tagumpay ng Rebolusyong 1896, idineklara ng

uring asyendero-ilustrado sa pamamagitan ng taksil na si Emilio Aguinaldo ang umano'y kalayaan ng Pilipinas sa ilalim ng proteksyon ng Estados Unidos. Ang paniniwala ng mga ilustradong tulad ni Aguinaldo na tagapagligtas at kaibigan ang Amerika ang nagpadali sa pagsakop ng huli sa Pilipinas. Hindi bababa sa 1.2 milyong Pilipino ang namatay sa higit isang dekada ng brutal na gera ng pananakop ng US sa Pilipinas.

Naulit ang panlilinlang ng Estados Unidos noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa tabing ng napakatamis na deklarasyon ni Hen. Douglas Macarthur na "Babalik ang Amerika (I shall return)", inabandona ng US ang Pilipinas at pinabayaang masakop ng Hapon. Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, pinangunahan ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon ang pakikidigmang gerilya na gumapi sa mga pwersang Hapones.

Subalit nang nalalapit na ang pagsuko ng mga Hapon sa mga pwersang gerilya, bumalik sa bansa ang US at walang habas na binomba at winasak ang Maynila upang yumukod muli ang bansa sa kapangyarihan ng Amerika. Kasabwat ang Armed Forces of the Philippines, nagsagawa ng armadong pagsupil ang US sa mga pwersang gerilya na kinatangian ng malawakang pagmasaker sa mga gerilya at mamamayan.

Matapos pulbusin ang Maynila at paluhurin ang Pilipinas sa lusak, ibinigay ng Amerika sa Pilipinas ang "kalayaan" noong Hulyo 4, 1946. Mula sa direktang pananakop, ipinahawak ng US ang paggubyrno sa papet na republika sa

pamamagitan ng mga tuta nito mula sa naghaharing uri.

Dala-dala ng mga nagdaang rehimen mula kay Roxas hanggang sa kasalukuyan ang adyenda ng US. Sa dikta ng Amerika, pinagbawalan ang Pilipinas na magtayo ng sariling pambansang industriya at magpatupad ng tunay na reporma sa lupa. Sa halip, pinanatiling atrasado at agraryan ang ekonomya ng bansa na nakatali sa mga kasunduan sa kalakalang pabor sa Amerika. Trilyun-trilyong yaman ng Pilipinas ang hinuthot ng US mula sa milyun-milyong punong pinutol, daan-libong ektarya ng lupaing kinamkam at kabundukang pinatag para magmina ng tone-toneladang yamang mineral. Pati asin ay ini-import ng bansa.

Pinanatili ng US ang Pilipinas bilang tuta sa pamamagitan ng mga kasunduang militar tulad ng Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement, Enhanced Defence Cooperation Agreement at Bilateral Security Guidelines. Itinatag ng Estados Unidos ang Armed Forces of the Philippines o AFP bilang haligi ng dominasyon nito sa Pilipinas at bilang instrumento upang supilin ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa kalayaan.

Tayo ay malakolonya at alipin ng Estados Unidos. Lalong kumakatok ang katotohanang ito sa harap ng lantarang pagiging sunud-sunuran ni Marcos Jr. sa plano ng Amerika na gawing lunsaran ang Pilipinas ng gerang US-China ay patunay na nananatili tayong alipin ng Estados Unidos. Tulad ng matatamis nitong pangako nang sakupin at

pabayaang ang Pilipinas, walang katotohanang tutulongan ng Amerika ang ating bansa sa paggigiit nito ng teritoryal na karapatan sa West Philippine Sea.

Bakit mahalaga para sa mga Masbatenyo na ipaglaban ang kalayaan? Ang dinaranas na kahirapan, kagutuman at kaapihan ay patunay na nakapailalim pa rin ang bansa sa kamay ng imperyalistang mananakop. Ang dinaranas nating mapaminsalang epekto ng pagbabago ng klima o climate change ay dulot ng mapangwasak na mga operasyon ng dayuhang mga korporasyon sa bansa.

Hindi libre ang kalayaan. Hindi ito ibinibigay. Ito ay ipinaglalaban. Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ilinulunsad ng sambayanang Pilipino ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa layuning ibagsak ang imperyalismo at makamit sa wakas ang tunay na kalayaan ng pinakamamahal nating bayang Pilipinas. Mahirap ang landas ng paglaya subalit walang mas tatamis pa sa paglayang nakamit sa ating paglaban.##

Pag-ibayuhin ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya sa harap ng lantarang pagyurak ng imperyalismong US sa kalayaan at soberanya ng bansa

Hunyo 12, 2024

Public Information Office CPP Southern Tagalog Regional Committee

Higit na kinakailangang pag-ibayuhin ng sambayanang Pilipino ang pakikibaka para sa tunay na kalayaan, soberanya at demokrasya sa harap ng tumitinding panghihimasok militar ng imperyalistang US sa bansa. Sa paggunita ngayong Hunyo 12 sa ika-126 na araw ng “kalayaan”, nararapat na muling pagtibayin ng mga makabayan, progresibo at demokratikong pwersa ang panata na kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya sa balangkas ng pambansa-demokratikong rebolusyon para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang umiinit na tensyon sa West Philippine Sea (WPS) at ang pagsasangkalan dito ng papet na reaksyunaryong gubyrno at ng AFP ay nagkakaladkad sa bansa sa digmang agresyon o maging sa digmang proxy ng imperyalistang US laban sa China. Inililihis nito sa mapayapang negosasyon at diplomatikong pamamaraan ang paglutas sa usapin sa pinagtutunggaliang teritoryo at exclusive economic zone sa pagitan ng Pilipinas at China sa WPS. Higit nitong pinalalaki ang posibilidad na maipit ang bansa sa napipintong inter-imperyalistang gera at magdulot ng panganib sa kapakanan, kaligtasan at buhay ng sambayanang Pilipino.

Bukambibig ni Marcos Jr. na determinado umano siyang itaguyod ang kapayapaan, pandaigdigang pagkakaisa at “rule-based international order”, sa kalagayang nasa gitna ng pandaigdigang

“flashpoint” ang Pilipinas. Gayunman, di nito mapasusubalian ang pagpapakita ng lubos na pagpapakatuta at pagpapagamit nito sa imperyalistang US sa ipinangangalandakan ng huli bilang patron ng kapayapaan sa Indo-Pasipiko na walang iba kundi ang interes nitong panatilihin at palakasin pa ang hegemonyang militar at ekonomya nito sa rehiyon. Mahigpit naman itong kinokontra at nilalabanan ng kapwa imperyalistang China. Ito ngayon ang nasa likod ng papatinding militarisasyon sa WPS kapwa ng mga pwersa ng US at China.

Malaking panlilinlang na ituring na malaya ang bansa sa katotohanan ng pagiging papet ng kasalukuyang rehimen at ng lahat ng reakyunaryong rehimen na humawak ng estadong malakolonya at malapyudal. Patuloy na ipinangalandakan ng US na ipinagkaloob nito ang kalayaan ng Pilipinas noong 1946, sa kabila ng lansakan nitong pagyurak sa kalayaan at soberanya ng bansa at pagpapanatili ng kontrol sa militar pulitika, ekonomiya at kultura ng bansa, kasabay ang pagpapanggap na “protektor” at “tagapaligtas” ng bayan.

Sa kabilang banda, sa “pagkakaloob” ng “kalayaan”, lalong pinatutunayan nitong lukob ng US ang bansa. Ang serye ng mga tagibang na kasunduang militar ay naglalandad sa katotohanang nilalapastangan ng imperyalistang US ang pambansang kalayaan at soberanya ng bansa. Matapos mapalayas ang mga base militar ng US noong 1991, binigyang bisa ng estado ang Visiting Forces Agreement para sa tuloy-tuloy na

paglabas-masok ng tropang militar ng US sa bansa. Sa pagbaling ng US sa Asya-Pasipiko sa tinagurian nitong “pivot to asia” para pigilan ang paglakas ng kapwa imperyalistang China, nilagdaan ang Enhanced Defence Cooperation Agreement (EDCA) noong 2014 na naka-angkla pa rin sa Mutual Defence Treaty. Ginamit ito ngayon para gawing lehitimo ang pagtatayo ng pinaraming base militar ng US sa mga “agreed locations” sa teritoryo ng bansa. Isa na rito ang bagong EDCA site na itinayo sa isla ng Balabac sa Palawan na nakaharap sa Spratlys islands kung saan may itinayong artipisyal na base ang China na kumpleto sa runways at missile system. Bago pa ito, tahimik na itinayo noong 2016 ang baseng nabal ng US sa Oyster Bay na tinaguriang “mini-Subic” sa Palawan na kayang mag-akomoda ng malalaking barkong pandigma ng US.

Higit ding dumalas at naging malakihan ang paglulunsad ng joint-military trainings o Balikatan exercises ng magkasanib na AFP at US forces at nitong huli ay naka-disenyo sa paghahandang militar ng US laban sa China. Bago ang 2023, ang Balikatan exercises ay isinasagawa sa loob lamang ng mga kampo militar, subalit kaiba sa kasalukuyan nakatuon na ito sa opensa at depensang panghimpapawid, pangkaragatan at nakaayon sa pagpapahusay ng inter-operability ng pwersang US at AFP at pagpapalakas ng depensa sa “first island chain” para sa pag-ensirkulo sa China. Sa ganitong wangis, inilunsad ang katatapos lamang na pinakamalaking 38th Balikatan exercises nitong Abril at ang isasagawa pang ikalawang serye ng Cope Thunder-24 war

games sa pagitan ng Philippine Airforce (PAF) at ng US Airforce ngayong Hunyo 17-28. Napapabalita rin ang presensya ng mga tropang US sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ng Timog Katagalugan.

Nakababahala rin ang papalaking pondong inilalaan ng US sa AFP na tiyak na hihigop sa bansa sa inter-imperyalistang gera sa tabing ng modernisasyon ng AFP at sa diumano'y mutwal na layunin para sa kapayapaan sa Indo-Pasipiko. Inihayag ni US Defense Secretary Lloyd Austin na maglalaan ang US sa taong 2025 ng USD128 milyon para pondohan ang 36 infrastructure projects sa mga EDCA sites. Dodoblehin nito ang dami ng dati nang ipinatayo sa mga ito. Liban pa ito sa nauna nang USD109 milyon na inilaan na pondo sa implementasyon ng mga EDCA projects. Mayroon ding panukalang batas ngayon sa US na dagdagan ang taunang USD40 milyon US military aid o Foreign Military Financing (FMF) sa Pilipinas sa halagang USD500 milyon. Nitong Enero napaulat na ang Pilipinas ang bansang may pinakamalaking nakuhang tulong para sa depensa sa buong rehiyong Pasipiko ayon sa US Department of Commerce-International Trade Administration.

Bahagi rin ng paghahandang sikolohikal na papabor sa mapandigmang interes ng US ang ginagatungan nitong sinophobia o pagkatakot sa China sa hanay ng mga Pilipino. Kasabay naman nito ang pagpipresenta sa sarili bilang tagapagtanggol ng kapayapaan sa daigdig, habang nagwawasiwas ng terorismo, digmang agresyon,

henosidyo sa iba't ibang panig ng mundo na pinadurusahan ng mga aping bayan at mamamayan sa daigdig katulad nagaganap sa ngayon sa Gaza. Nitong nakaraang linggo, bumisita sa bansa si Volodymyr Zelensky, pangulo ng Ukraine na kilalang kalyado ng US/NATO para personal na hingin ang suporta ni Marcos Jr. na inihalintulad ang Pilipinas sa Ukraine na kalaban din umano ng blokeng Russia at China.

Kaakibat ng kontrol sa pulitika at militar, ipinataw ng imperyalistang US ang mga neoliberal na patakaran sa ekonomiya ng bansa para higit pang makapanghuthot ng supertubo ang mga monopolyo kapitalista kasabwat ang lokal na naghaharing uring burgesyang kumprador-panginoong maylupa. Higit nitong iginupo ang naghihingalong lokal na produksyon sa bansa at ibinaon sa higit na pagdurusa ang masang anakpawis at malawak na sambayanan na malaon nang pinahihirapan ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Nito lamang nakaraang linggo, inaprubahan ni Marcos Jr. ang pagbawas ng taripa sa mga produktong ini-import tulad ng bigas mula sa 35% tungong 15% bigas at maging sa coal sa dahilan na pabababain umano nito ang presyo ng pagkain at enerhiya. Subalit nakaayon pa rin ito sa neoliberalisasyon na panibagong dagok sa lokal na produksyon at para sa higit pang pananamantala ng mga monopolyo kapitalista at mga burgesyang-kumprador.

Ang kalayaan sa ekonomiya ay kalayaan sa pulitika. Ngunit malayo ito sa hinagap ng Pilipinas na isang bayang malakolonyal at malapyudal. Sa

ganitong diwa ang Hunyo 12 ay hindi pagdiriwang sa huwad na kalayaan, bagkus ito ay pagsariwa sa daantaong pagpapahirap na ipinataw ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa bansa at pagbuhay sa diwang patriyotiko ng mga Pilipinong mapagmahal sa pambansang kalayaan at demokrasya. Ito'y pagpupugay rin sa lahat ng nakibakang mamamayan at sa mga bayaning nag-aalay ng kanilang buhay at dugo para sa dakilang hangaring mapalaya ang bayan sa dayuhang pang-aapi at pambubusabos.

Malaking ang hamon sa kasalukuyang pwersang patriyotiko at demokratiko na ipaglaban ang kalayaan at soberanya ng bansa sa harap ng imperyalistang panghihimasok militar at agresyon maalinman sa US at China. Dapat manindigan para sa tunay na kalayaan at independyenteng patakarang panlabas, taliwas sa pagiging papet at paninikluhod sa imperyalistang kapangyarihan. Dapat makibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at soberanya sa balangkas ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Higit sa lahat, kailangang masapul ng bawat Pilipino na ang tunay na kalayaan ay yaong iginigiit at ipinaglalaban upang ganap na matamasa.

Kinakailangan ang malawak na pagkakaisa ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, propesyunal at lahat ng makabayan at demokratikong uri at sektor sa pamumuno ng uring proletaryado para sa kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Ang pagpapaigting ng anti-imperyalistang pakikibaka, kaakibat ang

pakikibakang anti-pyudal at anti-pasista ang magdadala sa katapusan ng lipunang malakolonyal at malapyudal at kamtin ang isang tunay na malaya, nagsasarili, demokratiko, makatarungan at masaganang Pilipinas.

Pahayag ng Kabataang Makabayan para sa 126 taon ng huwad na kalayaan ng Pilipinas

Hunyo 12, 2024

Maria Laya Guerrero, Spokesperson Kabataang Makabayan (KM)

Sa paggunita ng ika-126 na taon ng huwad na Araw ng Kalayaan ng Pilipinas, pinapaalala ng araw na ito sa ating mga kabataan na hindi pa tunay na malaya ang ating bayan hangga't hindi pa napapawi ang tatlong ugat ng kahirapan ng sambayanang Pilipino: ang Impyeralismo, ang Pyudalismo, at ang Burukrata-Kapitalismo.

Southern Tagalog (Balangay Racquel
Aumentado)**

Kasuklam-suklam ang iniatas ni Ferdinand Marcos Jr. na Memo Circular #52 kung saan ipinapakabisa at pinabibigkas sa flag ceremony tuwing Lunes at Biyernes sa mga pampublikong paaralan at institusyon ang imno at panunumpa ng “Bagong Pilipinas”. Bahagi ito ng gimik ni Marcos Jr. sa pagsalubong sa Araw ng Huwad na Kalayaan at pabanguhin ang imahe ng pamilya Marcos at ng kanyang rehimen. Ipinatupad ang atas noong Lunes, Hunyo 11.

Nakadidismaya ang pakana ni Marcos Jr. at kanyang rehimen na isaksak sa utak ng mga Pilipino ang indoktrinasyo ng “Bagong Pilipinas” sa pamamagitan ng awit at sumpa na pinamagatang “Panahon na ng Pagbabago” at “Panata sa Bagong Pilipinas”. Garapalang hakbangin ito ni Marcos Jr. para ipalunok sa mamamayan ang pagbabalik sa poder ng kanyang pamilya. Kopyang-kopya ito sa pakana ng diktador niyang amang si Marcos Sr. noong panahon niya. Nagsisilbi ito sa pansariling interes ng pamilya. Nangangarap si Marcos Jr. na ihele at buhusan ng malamig na tubig ang nagpupuyos na galit ng sambayanan sa madugong rekord at lansakang pagnanakaw ng kanilang pamilya. Nahihibang si

Marcos Jr. sa paglalako ng mga islogang “kaunlaran at pagkakaisa” na para bang mabubura ng simpleng paggamit ng mababangong salita ang kanilang mga krimen sa bayan. Hindi kailanman matatabunan ng malalabnaw at ampaw na retorika ang kainutilan ng rehimeng US-Marcos II na nagpapanatili at higit pang nagpapalubha ng krisis sa ekonomiya at pasismong lumulukob sa buong bansa. Hindi nito mapagtatakpan ang lantarang pagkapapet sa US at ang istorikal na kasalanan ng mga Marcos sa sambayanang Pilipino.

Nababagay lamang sa “Bagong Pilipinas” ang inaani nitong kritisismo at pagtuligsa, hindi lamang mula sa karaniwang mamamayan kundi mula sa mga makabayan at progresibong artista at manggagawang pangkultura. Hindi ito kailanman makakaantig ng diwang makabayan dahil hindi lapat ang awit at sumpa sa tunay na kalagayan, hinaing at aspirasyon ng sambayanan. Nakaayon ang mga himig at berso ng mga ito sa huwad at artipisyal na nasyunalismo, kaunlaran at monopolistang globalisasyon. Mistulang pagsasabuhay ito sa “American dream” na itinanim ng imperyalismong US kung saan kailangan lamang ng isang tao ang indibidwal na pagsisipag at pagtitiyaga upang umasenso. Inihihiwalay nito ang katotohanan na ang kahirapan ng bayan ay iniresulta ng lipunang malakolonyal at malapyudal sa ilalim ng paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Inililihis nito na ang tunay na panata at pagmamahal sa bayan ay ang pagsusulong ng tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Kung kaya't nagsisilbi ito sa imbing layunin ng papet na estado at imperyalismong US na kitlin ang pag-usbong ng kritikal na pag-iisip ng mga kabataan at ng mamamayang Pilipino.

Hindi malilinlang ang mamamayang Pilipino ng himig at mga hungkag na titik na hinabi sa awiting "Panahon na ng Pagbabago" at "Panata sa Bagong Pilipinas". Paglulustay lamang ito ng pondo ng bayan sa pagkokomisyon ng basurang pyesa ng pasipikasyon at paniniil. Dapat itakwil at ilantad ang pakanang "Bagong Pilipinas" ni Marcos Jr na walang iba kundi pagiging papet, pasista at pahirap. Sa halip, dapat ibandila ang kultura at sining ng masa na humihiyaw para sa karapatan, tunay na kalayaan, demokrasya at hustisyang panlipunan.

Mga manggagawang pangkultura, makiisa sa masang anakpawis, isulong ang pambansa demokratikong kultura at sining!

Pekeng engkwentro sa Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya

Hunyo 20, 2024

NPA-Aurora (Domingo Erlano Command)

Walang habas na naghulog ng bomba at nagpapatok ang attack helicopter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa bayan ng Alfonso Castañeda kaninang 12:30AM hanggang 1:45 AM. Walong beses o higit pa ang ginawang pagbobomba habang sunud-sunod ang

pagpapaputok ng dalawang attack helicopter na may kasama pang mga drones.

Walang labanan na nangyari. Palabas lamang ito ng AFP para muli na namang i-militarisa ang lugar para magbigay daan sa mas mabilis na pagpapatupad ng mapangwasak na proyekto ng estado kabilang ang APECO, pagtatayo ng military industrial hub, at paghuthot sa mga natural na rekurso ng Benham Rise.

Ang Alfonso Castañeda ay katabing bayan ng probinsya ng Aurora. Tiyak na palilitawin na naman ito ng AFP na bahagi ng kanilang pursuit operation at “civilian tip”. Kasinungalingan ang inilulubid ng estado upang itulak ang interes ng dayuhan at naghaharing uri.

Ang pagyukod ni Marcos Jr sa dikta at patakarang gera ng Estados Unidos ang nagpapalala sa hidwaan ng Pilipinas at China

Hunyo 21, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Ang kahiya-hiyang kainutilan ng Philippine Navy at ng buong Armed Forces of the Philippines sa harap ng malinaw na armadong pakikipagkumpronta ng China ay patunay na mapanganib sa kalayaan ng Pilipinas ang pagyukod ni Marcos Jr sa dikta at panghihimasok ng United States o US.

Para sa kaligtasan ng mga Pilipino, maiiwasang humantong sa armadong kumprontasyon ang teritoryal na sigalot ng Pilipinas at China sa pamamagitan ng mapayapa at diplomatikong usapan. Sa pormal na pakikipagdayalogo sa China, mahusay na maigigiit ng Pilipinas ang tagumpay sa International Arbitral Tribunal noong 2016 na kumikilala sa teritoryal na karapatan ng bansa sa Ayungin Shoal.

Subalit sa utos ng US, itinutulak ni Marcos Jr at ng Armed Forces of the Philippines ang mga mapanghamong aksyong militar tulad ng mga resupply missions, mga pagsasanay militar at pagsabay sa mga operasyon ng US sa palibot ng Taiwan upang galitin ang China at matulak ito na “maunang magpapatok ng baril”.

Idinudulot nito ang tumitinding paninindak, agresyon at panghahamok ng China sa Pilipinas. Patunay rito ang fishing ban na ipinataw ng China sa West Philippine Sea at ang pinakabagong pananalakay ng Chinese Coast Guard sa mga pwersa ng Phil. Navy kung saan nakumpiskahan ng mga armas ang huli.

Walang kapuri-puri sa kainutilan ng Phil. Navy at ng buong AFP sa nangyaring pang-aatake ng Chinese Coast Guard noong Hunyo 17.

Kahiya-hiya na ang tanging papel ng AFP ay gawing pain at pambala sa kanyon ang sarili nitong mga tropa sa layuning hamunin ang China na pasimulan ang armadong sigalot. Kahiya-hiyang ang AFP na may mandatong ipagtaggol ang soberanya ng bansa ay minamanduhan lang

ng US na galitin ang China sa isang banda, at magtimi sa tumitinding agresyon nito.

Sa madaling salita, tuta lamang ang AFP at walang kakayanang tumindig sa sariling paa para ipagtanggol ang bansa. Ika nga ng mga Masbatenyo, mabangis at mapanupil ang AFP sa mga sibilyan, laluna sa mahihirap, subalit inutil at walang kalaban-laban sa mananakop na dayuhan.

Buhay at kaligtasan ng sambayanang Pilipino ang kabayaran sa pagpapakatuta ni Marcos sa US. Hangga't nagpapagamit si Marcos sa US at ikinakaladkad ang Pilipinas sa patakarang gera ng US, tiyak na titindi pa ang mga agresibong hakbang ng China hanggang sa tuluyang pumutok ang gera. Lalong nawawalan ng puwang para sa mapayapang resolusyon sa sigalot ng Pilipinas at China.

Nakikiisa ang NPA-Masbate at mga Masbatenyo sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong sambayanang Pilipino na itaguyod ang mapayapang resolusyon sa sigalot sa China.

Dapat mabatid ng mga Pilipino ang aral ng kasaysayan na kailanma'y hindi kaibigan o kakampi ang imperyalistang Estados Unidos. Sa halip, ang imperyalismong US ang pangunahing dahilan kung bakit naghihirap at nananatiling hindi malaya ang bansa.

Ang demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang tanging pag-asa ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan mula sa kamay ng imperyalistang

paghahari. Sa pagsuporta lamang ng mamamayan sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka maaaring mapigilan ang pagsiklab ng imperyalistang gerang US-China sa Pilipinas.

Kaugnay sa pambobomba ng 84th IB at 703rd Agila Brigade sa Sityo Marikit noong Hunyo 20 ng hatinggabi: Tigreng Papel ang AFP

Hunyo 21, 2024

NPA Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Walang labanan na naganap sa pagitan ng NPA at AFP ng Hunyo 20 ng hatinggabi hanggang madaling araw. Walang trenseradong kampo ng NPA sa lugar na kinakailangang bombahin, gamitan ng fighter plane, attack helicopters at drones.

Umaatungal na tigre ang AFP nang makakuha ng impormasyon na may NPA sa sityo Marikit, Barangay Abuyo, Alfonso Castañeda. Walang abog-abog na nilusob ng 84th IB at 703rd Brigade ng AFP ang lugar. Mula alas dose y medya ng hatinggabi (12:30am) hanggang ala una kwarantay singko ng madaling araw (1:45am) ay 8 beses na nagbagsak ng bomba, nagpakawala ng 2 rocket at nagpaulan ng bala mula sa himpapawid. Paghupa ng apoy mula sa kalangitan, saka sumugod ang mga kasundaluan na walang patumanggang nagpapatok nang nagpapatok. Mga eksena itong sa pelikula lang mapapanood pero ginawang makatotohanan ng AFP sa

paglustay ng pondo ng bayan sa isang gawa-gawang enkawnter.

Wala talagang balak ang AFP na ilikas ang mga sibiliyan bago simulan ang palabas. Halos kasabay lamang ng pagsabog ng bomba ang pagdating ng anim na trak ng AFP at 2 trak ng SAF. Dahil sa kaibuturan, ang mamamayan ang talagang target ng teroristang aktibidad na ito.

Saklaw ng 500 metrong paikot sa ginawang war zone ng AFP ay mga bukirin, taniman ng sili at mga gulay, sugahan ng mga hayop at bahayan ng mga residente ng Marikit. Kusang nagsibakwit ang masa nang bumagsak ang bomba.

Matapos ang palabas na engkwentro ay inokupahan ng AFP ang mga baryo ng Marikit, Abuyo, Balintugon, Galintuja sa Alfonso Castañeda; at Decoliat, Galintuja, at Delacay sa Maria Aurora. Ang teroristang aktibidad na ito ng AFP ay nagpapakita ng matinding pagkatakot ng AFP at ng naghaharing estado sa malawak at malalim na suporta ng masa sa NPA at sa rebolusyonaryong kilusan. Ito ay PAGBABANTA NG AFP sa MAMAMAYAN na bobombahin nila ang mga komunidad na kumakanlong sa NPA. PAGBABANTA ito ng AFP, maging sa lokal na opisyal ng barangay na tatargetin sila ng galit ng estado pag kumiling sila sa pulang kapangyarihan ng mamamayan kaysa makadayuhan at kontra-masa na militaristang paghahari ng rehimeng US-Marcos Jr. Layunin ng AFP na apulain ang nag-aalab na diwa ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Subalit ang mamamayan ng Aurora, Nueva Ecija, Nueva Viscaya at saanman sa buong bansa ay hindi mapapatahimik ng pandarahas at panlilinlang ng estado. Nakamulagat ang katotohanan na ibinebenta ng naghaharing estado ang soberanya ng bansa sa imperyalistang US. Tuloy-tuloy ang ekspansyon ng Delta East Alignment Road Project (DEARP) hanggang dulong Norte ng Luzon na sumasagasa sa libu-libong lupaing ninuno ng mga pambansang minorya sa Luzon at mga produktibong lupain ng masang magsasaka. Dagdag kalsada para sa mabilis na pagdambong sa likas na yaman ng bansa hanggang sa kasulok-sulokan. Dagdag airport, dagdag daungan para sa operasyon ng militar at dayuhang tropa ng imperyalistang US sa Silangan Gitnang Luzon. Ikukumbert ang APECO bilang military industrial zone para maging defense hub sa Silangang baybayin ng bansa. Gagamitin diumano ang APECO para sa Self-Reliant Defense Posture Program alinsunod sa Comprehensive Archipelagic Defense Concept (CADC) ng AFP na nakabalangkas sa pangkalahatang estratehiya ng US sa Asya Pasipiko.

Nagagawa ng AFP na sindakin, gulatin at takutin ang masa sa mga teroristang aktibidad nito gaya ng paggamit ng pambobomba at pagpapaputok mula sa himpapawid sa serye ng isinasagawa nitong focused military operations. Gayunman, ang pagkasindak, gulat at takot ay dagli at may hangganan. Lalo lamang nitong pinag-aalab ang makauring poot ng mamamayan sa malupit, korap,

at makadayuhang paghahari ng rehimeng US-Marcos Jr.

Tigre mang umaatungal ang AFP, kumakawag naman sa takot ang buntot nito sa harap ng nakikibakang mamamayan.

Nananawagan ang CPP-NPA Gitnang Luzon sa lahat ng mamamayang nagmamahal sa tunay na kapayapaan at demokrasya na buklurin ang mahigpit na pagkakaisa para labanan ang teroristang lagim na hinahasik ng AFP sa mando ng rehimeng US-Marcos Jr. Imbestigahan ang overkill na pekeng engkwentro sa Marikit! Panagutin ang mga opisyal ng AFP at ang yunit nito na nagsagawa ng mapamuksang pambobomba sa komunidad ng populasyong sibilyan. Labanan at ibagsak ang rehimeng US-Marcos Jr!

**Pinekeng labanan, overkill!
Teroristang aksyon ng AFP Sa Gitnang Luzon, panunumbalik ng Batas Militar!**

Hunyo 22, 2024

NPA-West Central Luzon

Mariing kinokondena ng NPA-Kanlurang Gitnang Luzon, ang walang habas na pambobomba, pagpapakawala ng raket at istraping sa kabukiran, burol at gilid ng bahayan sa Sityo Marikit, Barangay Abuyo, Alfonso Castañeda, madaling araw ng June 20, bandang alas 12: 30 hanggang 1:45 ng umaga. Umabot nang mahigit isang oras na nagpaikot-ikot ang 2 attack helicopter sa Sityo

Marikit at karatig baryo nito, kasabay ng walang pakundangang paglalaglag ng bomba at pag iistraping. Malalakas na pagsabog ng bomba at machine gun mula sa attack helicopter ang gumulantang at gumising sa mamamayan ng Alfonso Castañeda. Di bababa sa 8 bomba ang pinakawalan, at di mabilang na walang pakundangang pagpapaputok ng machine gun mula sa attack helicopter ang iniulat ng mga masa.

Nagmistulang firing range ang Sityo Marikit sa dami ng pinakawalang bomba at putok ng machine gun. Nagmistulang firing range na katulad ng sa Fort Magsaysay at Sta. Juliana sa Tarlac, sa dami ng ihinulog na bomba at walang patid na pagpapaputok ng machine gun. Tila intensity 7 na lindol ang yumanig sa lakas ng mga pagsabog ang naramdaman ng mamamayan ng Alfonso Castañeda lalo na sa Sityo Marikit at karatig na mga barangay nito. Mainam pa ang firing range, may malinaw na inaasintang target, di gaya ng ginawa sa Sityo Marikit. Walang kalaban, walang naganap na labanan, sa halip naglubid ng istorya na diumano ay may labanan at trenserado ang kalaban kaya naubligang mambomba. Ito ay sa kabila ng nakabalatay ang bahayan at komunidad ng masa kung saan nagpaulan ng bala ng bomba at machine gun. Hindi ito katanggap-tanggap at hindi makatwiran. Walang pagsasa-alang-alang sa buhay at kabuhayan ng mamamayan ang ginawa ng AFP. Peke na ngang labanan, over kill pa.

Sa ulat ng mga kasama sa Silangang Gitnang Luzon, walang naganap na laban sa pagitan ng NPA at AFP noong madaling araw ng June 20. Mariing pinasusubalian ng NPA ang pahayag ng 84th IB na may naganap na labanan, ito ay pawang kasinungalingan. Ang ganitong aksyon ay isang malinaw na teroristang aksyon at asal ng AFP. Sa katunayan, ayon sa mamamayan ng Alfonso Castañeda, tanging ang mga pagsabog at putok ng machine gun na nagmula sa mga attack helicopter ang narinig at nakita nila. Ayon pa sa kanilang pahayag; nagmistulang “Marawi” ang Sityo Marikit. Akala nila sila ay mapupulbos kagaya ng Marawi sa dami ng bomba at lakas ng mga pagsabog. Nanggagalaiti sa galit ang mamamayan sa AFP sa ganitong aksyon lalo pa’t wala namang naganap na labanan. Target ng ganitong aksyon at asal ng AFP na sindakin, takutin at patahimikin ang masa. Walang pagsasa-alang-alang sa kapakanan ng mamamayan, lalo na sa mga bata, matatanda at maysakit. Maliban sa mga pinsala na dulot ng bomba at bala, mas matimbang at mas mabigat ang pinsala na dulot ng trauma sa isip ng mamamayan.

Mariing pinasusubalian ng NPA-Kanluran GL ang pahayag ng 84th IB sa gawa-gawang labanan, na ang nakalaban nila diumano ay ang yunit ng NPA Tarlac-Zambales. Ang NPA-Kanluran Gitnang Luzon ay masayang kapiling ng masa habang kalahok sa pagpapaunlad ng produksyon at kabuhayan ng masa, naglulunsad ng serbisyong medikal, literasiya at numerasiya at katuwang sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa Zambales Mountain Range. Ang ganitong

kasinungalingan ng AFP, ay reaksiyon at tugon nito sa pagpupursige at pagpupunyagi ng NPA-Kanluran GL na iabante ang kanyang mga tungkulin sa mamamayan. Sa katunayan, nasaklaw at naabot ng NPA-Kanluran GL ang kalaparan at kakapalan ng masa sa probinsya ng Tarlac, Zambales at Western Pangasinan, taliwas sa pahayag ng AFP na wala ng suporta ang masa sa NPA. Sa nakalipas na ilang taon, binigo at pinawalang bisa ng NPA-Kanluran GL at ng mamamayan ng Zambales Mountain Range ang tuloy tuloy na malalaki at mga naka-focus na operasyong militar. Bigo ang mga ito at patuloy na bibiguin ng NPA, dahil malalim na nakaugat ito sa masa, minamahal at kinakalinga. Sa katunayan, nakakadaup ng NPA ang mga masa sa baryo na may mga kampo ng kaaway sa Kanluran Gitnang Luzon. Ang pambobomba at pag iistraping ng AFP, ay mga gawi at asal ng terorista, katulad ng ginawang pekeng labanan sa Mangatarem noong 2020, kung saan binomba ang mga kaingin ng masa, pambobomba sa San Marcelino noong 2019 malapit sa komunidad ng Ayta sa Sityo Lumibao, pambobomba sa Bazal sa Maria Aurora at istraping sa Salay, Dipaculao noong Mayo 2024.

Nananawagan ang NPA-Kanluran Gitnang Luzon sa lahat ng mamamayan, sa mga nakikiisa para sa pagkakaroon ng kapayaan, na maglunsad ng masusing imbestigasyon sa naganap na teroristang aksyon ng AFP sa walang habas at walang pakundangang pambobomba at istraping sa Sityo Marikit, Barangay Abuyo, Afonso Castañeda. Sama samang kumilos para sa paglulunsad ng masusing imbestigasyon at

papanagutin ang AFP sa pangunguna ng 7th ID, 703rd Brigade at ng 84th IB. Ang ganitong aksyon ay naglalagay sa panganib sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Kondenahin ang ganitong terororistang aksyon.

Malinaw na malinaw kung sino ang tunay na terorista.

Sama-samang kumilos at manawagan na itigil ang ganitong aksyon at itigil ang de facto martial law sa buong Gitnang Luzon. Kondenahin ang ganitong asal at gawi ng kasundaluhan ng 7th ID. Huwag gawing firing range at target range ng pambobomba at istraping ang mga pamayanan! Itigil ang mga gawa-gawang labanan at paghahasik ng takot sa mamamayan!

Muli, mariing kinokondena ng NPA-Kanluran GL ang walang habas na pambobomba at istraping sa Alfonso Castañeda noong June 20 ng ala una ng madaling araw. Kasinungalingan ng AFP ang gawa gawang labanan.

Mamamayan, kumilos at magka-isa, papanagutin ang AFP. Suportahan ang NPA. Sumapi sa tunay na lingkod ng masa, sumapi sa NPA.

AFP kills another minor on the heels of Int'l Day for the Protection of Children

Hunyo 23, 2024

**Coni Ledesma, Head
NDFP Special Office for the Protection of
Children**

Just a few days after the International Day for the Protection of Children on June 1, the Marcos Jr. regime and the fascist Armed Forces of the Philippines (AFP) have once again laid bare their war against Filipino children and youth with the brutal killing of a 16-year-old Grade 9 student Kuni Cuba in Sultan Kudarat, southwestern Mindanao last June 9.

Kuni was on his way back home together with a sibling and two friends when soldiers from the 7th Infantry Battalion of the AFP ordered the shot. To cover up their war crime, the AFP planted a M1 Garand semi-automatic rifle beside Kuni's corpse to portray him as a member of the New People's Army (NPA).

Kuni's family belied the AFP's claim and asserted Kuni was just an ordinary student whose dream to finish his studies was extinguished by the fascist military.

The AFP not only violated all known customary international laws by killing a 16-year-old and falsely claiming him as a so-called 'child soldier,' but also violated the Geneva Convention for desecrating Kuni's corpse.

The AFP's excuse that the boy was a member of the NPA is nothing more than a cynical and reprehensible attempt to justify their barbarity. This is not the first time the AFP has resorted to

such tired, hollow rhetoric to mask their human rights abuses, and it is clear that under the Marcos Jr. regime, children's rights violations and the disregard of international humanitarian law are systematically perpetuated.

This tragic incident is a stark reminder of the systemic violence and impunity that is the hallmark of the Marcos Jr. administration. While the rest of the world celebrates the protection and upliftment of children this June, the Philippine puppet state under Marcos Jr. has chosen to continue its campaign of terror against its own people, targeting even the most vulnerable and defenseless.

We call upon the international community to condemn this atrocious act and demand justice for Kuni and his family. Ferdinand Marcos Jr. and his AFP troops must be held accountable for their continuing war crimes. The blood of the innocent stains their hands, and no amount of propaganda can cover up their mounting atrocities.

MASA 2024: Bahagi ng gerang agresyon ng US, panganib sa bayan

Hunyo 23, 2024

**Armando Cienfuego, Spokesperson
NPA Southern Tagalog Regional Operational
Command (Melito Glor Command)**

Tulad ng Balikatan 39-24, panganib at perwisyo ang hatid ng isinagawang Marine Aviation Support Activity (MASA) 2024 mula Hunyo 3-21.

Nagsisilbi ito para sa nilulutong gera ng imperyalismong US laban sa China at kung gayon, nagsasapanganib sa buhay ng mamamayang Pilipino.

Ang MASA 2024 ang isa sa mga pinakamalaking ehersisyong militar sa pagitan ng mga pwersang nabal ng Pilipinas at US na lalahukan ng 3,175 tropa (975 mula sa Philippine Marine Corps, Marine Reservists, Philippine Air Force, Philippine Coast Guard at Naval Air Wing; at 2,200 mula sa US Marine Corps, US Army, US Special Forces at US Air Force). Isinagawa ito sa Batanes, Ilocos Norte, Pampanga, Tarlac, Manila, Cavite at Palawan.

Bilang bahagi ng 500 ehersisyong militar na ilulunsad sa Pilipinas ngayong 2024, ang MASA 2024 ay malinaw na naglalayon para sa tuluy-tuloy na pang-uupat ng gera ng US laban sa China. Nakaayon din ito sa kasunduang Bilateral Security Guidelines na nagbibigay ng ligal na bihis sa paglahok ng Pilipinas sa lahat ng gerang papasukin ng US.

Kasuklam-suklam ang gasgas na katwiran ng AFP at ni Ferdinand Marcos Jr. na “pagtatanggol sa teritoryo ng Pilipinas” upang ilusot ang pinapakana ng US na gera sa Asia Pacific. Ito ay kahol ng matapat na tuta upang pilit pagtakpan ang imbing plano ng kanyang amo. Hindi mapasusubalian ng higit na nakararaming bilang ng mga pwersang Amerikanong kalahok sa MASA 2024 ang layunin ng imperyalismong US na sanayin ang mismong tropa nito para sa gera sa Pilipinas at Asia Pacific. Gayundin ng sinsin ng

mga ehersisyong militar sa mga pinagtutunggaliang teritoryo sa WPS upang pilit na galitin ang China. Kabilang sa mga aksyong mapang-upat ang live firing ng 105mm at 155mm howitzer sa direksyon ng Taiwan Strait.

Pangamba at panganib ang nararamdaman ng mamamayang Pilipino sa panahong naglulunsad ang US ng mga ehersisyong militar. Nabubulabog ang mga residente sa naririnig na live firing ng mga baril o pasabog at paglipad ng mga eroplano, drone at helikopter. Naabala ang kanilang paghahanap-buhay dahil sa pagbabawal at paghihigpit sa mga Pilipino na lumapit sa mga lugar ng ehersisyo. Pagkakait ito sa mamamayan na mangisda sa karagatan at magsaka sa bukirin.

Makatwiran lamang ang tuluy-tuloy na panawagan ng mamamayang Pilipino na palayasin ang mga pwersang militar ng US sa bansa. Dapat igiit ang demilitarisasyon ng mga pwersa ng US at China sa WPS at pagpapalayas ng lahat ng dayong tropa at mga base sa teritoryo ng Pilipinas.

Kailangang malaman ng mamamayang Pilipino na ang tunay na paglilingkod sa bayan at pagtatanggol sa teritoryo at pambansang soberanya ay hindi nakaasa sa dayong kapangyarihan lalo sa US na numero unong imperyalistang nakakubabaw sa bansa. Ang pagiging tunay na patriyotiko ay isinasabuhay sa paglaban upang mapalayas at maibagsak ang imperyalismong US, gayundin sa agresibong pang-angkin ng China sa mga teritoryong saklaw at exclusive economic zone ng bansa at kanilang mga ahenteng taksil sa bayan. Ang mga ito ang isa sa

pangunahing nilalaman ng pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Nananawagan ang Melito Glor Command-NPA Southern Tagalog sa lahat ng patriyotikong pwersa na lumahok sa demokratikong rebolusyong bayan na naglalayong palayain ang bayan sa kuko ng imperyalismong US at itayo ang lipunang tunay na malaya, demokratiko, masagana at makatarungan.

Mensahe ng pakikiisa at suporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Indian sa pagbigong sa “Operasyong Kagaar”

Hunyo 23, 2024

Public Information Office CPP Southern Tagalog Regional Committee

Lubos na nakikiisa at sumusuporta ang Partido Komunista ng Pilipinas-Timog Katagalugan (PKP-TK) sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa India laban sa pang-aapi, pagsasamantala at panunupil sa kanilang lehitimong pakikibaka ng pasista-teroristang gubyernong Modi. Magkahalintulad ang nararanasan ng mga mamamayan sa India at mamamayan ng Pilipinas. Nararapat ang malawak at matatag na pakikipagkaisa sa kanila sa puspusang pagsusulong ng digmang bayan laban sa imperyalismo at sa pasistang estado ng Pilipinas at India.

Nakararanas ngayon ng pinatinding pasistang pang-aatake at panunupil ang mamamayan sa India laluna ang mga katutubong Adivasi. Sa muling pagkakahalal nitong buwan ni Prime Minister Narendra Modi sa ikatlong termino at ng mayorya ng kanyang naghaharing partidong Bharatiya Janata Party (BJP), tiyak na sasahol pa ang pang-aapi at pambubusabos sa mamamayang Indian. Kaakibat ito ng ambisyon ng gubyernong Modi na maging pangatlo ang India sa may pinakamalakas na ekonomiya sa daigdig sunod sa US at China sa mga susunod na taon. Mahigpit na kasabwat ni Modi sa pasismo ng kanyang rehimeng Hindutva Brahmanic laban sa mga minoryang relihiyon at mababang grupong panlipunan, ang mga monopolyo kapitalistang grupong Adani at Ambani, mga kumpanyang multinasyunal na nakabase sa India.

Kagaya ng pasistang rehimeng Duterte at US-Marcos II, itinuturing din ng pasistang gubyernong Modi ang Communist Party of India-Maoist (CPI-Maoist), ang People's Liberation Guerilla Army (PLGA) at ang nakikibakang mamamayan nito bilang mga terorista. Naglulunsad ito ng kampanya sa ilalim ng SAMADHAN—isang komprehensibong estratehiyang kontra-insurhensya, para durugin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng mamamayan sa India. Desidido ang pasistang gubyernong Modi na wasakin ang CPI-Maoist at PLGA kung saan tinukoy nito na may pinakamalakas at pinakamalawak na base sa mga katutubong Adivasi. Sa imbing layunin na makamit ang “Maoist-free India” pinaigting nito ang brutal

at madugong kampanyang panunupil. Hindi rin nito pinag-iiba ang katayuang ligal, aktibista at progresibo sa armadong kilusan sa tinawag nitong “anti-national forces”. Lahat ay maaring maging target ng armadong karahasan at panggigipit ng estado.

Simula nitong Enero, nagpakawala ang gubyernong Modi ng “Operasyong Kagaar”, ibig sabihin ay “katapusan,” na may layong mapagpasyang durugin ang mga “rebeldeng Maoist” sa India. Partikular na inilulunsad ang nasabing operasyon sa rehiyon ng Bastar bahagi ng estado ng Chhattisgarh. Konsentrado ito sa Abhuj Maad Area na tahanan ng tinatayang 35,000 Madia Adivasi. Sa operasyong ito, aabot na sa 130 Maoist at mamamayang Adivasi ang napaslang. Nasawi ang isang 6-na buwang sanggol nang paulanan ng bala ang isang kubo. Binaril din ng ilang ulit ang isang may kapansanang batang babae na ikinamatay nito. At nitong nakalipas na Abril 16, pinaslang ng mga pwersang panseguridad ang 29 Adivasi at mga rebolusyonaryong pwersa, kung saan 15 sa kanila ay kababaihan.

Nagdeploy ang gubyernong Modi ng mahigit 10,000 tropang panseguridad sa mga hangganan, mga pwersang paramilitar at espesyal na yunit para sa kontra-insurhensya. Nagtayo ng daan-daang kampo-militar sa lugar ng Adivasi. Ang mga kampo ng militar at pulis ay ipinakat sa mga estratehikong lugar na may agwat lamang ng tatlo hanggang limang kilometro para kubkubin ang Bastar, kung saan tinukoy nilang base diumano ng

mga Maoist. Sa Chhattisgarh, mayroong 300 kampo-militar, na ang 100 nito ay nasa Bastar. Ang bawat kampo ay may pwersang aabot sa 500-2,000 lakas-tauhang naarmasan ng mabibigat na sandata na suportado ng drones. Bawat kampo ay mayroong tig-2 mine proof na sasakyan at mga war tanks.

Ang pagdeploy ng armadong pwersa sa mga komunidad ng Adivasi ay nagdudulot hindi lang ng takot sa mamamayan kundi ng malawakang mga paglabag sa karapatang-tao, internasyunal na makataong batas at alituntunin sa digma. Ang kamay na bakal ng pasistang gubyernong Modi ay kinatatangian ng extra-judicial killings (EJKs), sapilitang pagpapalikas, paglabag sa mga kalayaang sibil, at paghahamlet. Ang mga kampo militar ay nagpapatupad ng istriktong patakaran sa malayang pagkilos ng mamamayan. Naghahasik ng terror sa nagpapalipad ng rockets na umaabot sa limang kilometro mula sa mga kampo na tinatarget ang mga komunidad at mga kagubatan kaya napipilitan ang mga mamamayang lumikas mula sa kaniyang lugar. Mas nakababahala ang paggamit ng drones na may dalang bomba at ang walang habas na pagpapaputok mula sa helicopters simula pa noong 2021 na ikinamatay na ng 10 katao.

Sa likod ng pinaigting na kontrarebolusyonaryong digma ng gubyernong Modi sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa India at sa mga katutubong Adivasi ay ang pagnanais nitong malayang dambungin ng mga monopolyo kapitalista ang likas na yaman ng mga lupaing

ninuno. Ang mga katutubong Adivasi sa sentral at silangang bahagi ng India ay nabubuhay labas sa sistemang “caste” o panlipunang katayuan. Binubuo nila ang 67.76 milyong populasyon sa bansa. Kalakhan sa kanila ay tinatawag na “scheduled tribes” o STs na kalat-kalat at may sariling katutubong kultura. Sila ay nabibilang sa mga pinakaapi at pinagsasamantalahan sa lipunang India. Ang kanilang lupang ninuo at kagubatan na mayaman sa mga reserbang mineral ay pinag-iinteresanan at pinaglalarawan ng mga kumpanyang multinasyunal ng India at maging ng mga dayuhan. Sa pagitan ng 2019-2021, nilagdaan ng gubyernong India ang 104 Memoranda of Understanding (MoUs) ng pamumuhunan sa mina na nagkakahalaga ng \$6 bilyon. Liban pa ito sa 272 MoUs noong 2003-2018 sa halagang \$16.5 bilyon. Kagaya rin ng pang-aapi sa mga pambansang minority sa rehiyon sa mga lupaing ninunong sagana sa likas na yaman gaya ng sa Mindoro at Palawan. Inaagawan sila ng lupa at kabuhayan ng mga kumpanyang mina at agri-korporasyong lokal at dayuhan.

Ang malaking bahagi ng coal (90%), gubat at rekursong mineral (72%) sa India ay matatagpuan sa mga tradisyunal o lupaing ninuo ng mga Adivasi. Sa rehiyon ng Bastar ay may malaking bahagi ng reserbang mineral, kabilang dito ang 38% ng tin ore, 20% ng bauxite, 18% ng iron ore, 17% ng coal at 4% ng diamonds. Nag-aambag ito ng 13% ng kabuuang produksyon ng mineral ng bansa. Dito rin matatagpuan ang iba’t ibang mineral na esensyal sa mga industriya tulad ng iron ore, bauxite, dolomite, limestone, diamonds at

manganese. Mayroon din itong rare-metal at rare-earth (REME) pegmatites tulad ng nionium, cerium, yttrium, lithium at tantalum. Tinataya na napakalaki ng halaga ng mga ito na pinakikinabangan ng mga kumpanyang multinasyunal. Halimbawa nito, ang mina ng coal sa Chattisgarh ng hawak ng multinasyunal na kumpanyang Adani.

Sa lubos na pagtaguyod sa neoliberalisasyon, patakaran ng gubyernong Modi na isapribado ang mga pampublikong sektor ng operasyong mina at magbigay pa ng karagdagang lisensya para pagbukas ng mga bagong minahan. Hinihikayat din nito ang mga pribadong korporasyon para sa sektor at nagtatayo ng mga imprastruktura na magsisilbi sa mga nasabing korporasyon kabilang ang mga pasilidad sa pagmimina at transportasyon sa paghahakot ng minerals tulad ng kalsada, riles, paliparan, iba pang lohistikal na suporta, libreng pasilidad sa tubig at kuryente para sa mga korporasyon at pagtanggali ng buwis (corporate taxes) sa loob ng ilang taon.

Tulad sa India, laway na laway din ang imperyalismo, kasabwat ang mga lokal na naghaharing uri, sa yaman ng Pilipinas. Sa Timog Katagalugan, ang mga Dumagat sa Rizal na napapalayas at nawawalan ng kabuhayan dahil sa mga itinatayong dambuhalang dam at sa ngalan ng mga “proyektong pangkaunlaran”, dinaranas din ito ng mga katutubo sa India. Isa sa mga bunerableng grupong tribung Adivasi ang Madia. Mahigit 3,000 hydro-electric dams ay matatagpuan sa kanilang lugar. Sa gayon, ang

primaryang resorsa para sa industriyalisasyon at urbanisasyon sa India nakasalalay sa erylanya. Subalit kalakhan sa kanila ay hindi nakikinabang sa yamang nakukuha sa kanilang lupang ninuno, kagubatan at mga ilog. Walumpu't limang porsyento (85%) ng mga Adivasi ay nabubuhay ng mas mababa sa opisyal na "poverty line".

Papaliit ang erylanya saklaw na mga lupaing ninuno ng mga Adivasi dahil sa mga programang pagsasabansa ng mga kagubatan, pribatisasyon, industriyalisasyon, pagpapalawak ng taniman, paghuthot sa mga likas na yaman at paglaan umano para sa wildlife reserves at national parks, na maiihalintulad sa "Tamaraw Reservation and Expansion Program" sa Mindoro. Sa isang sarbey nakita na 86% ng mga pamilya ng Adivasi ay wala at kulang ang lupa, kung saan ang 36.1% sa Madhya Pradesh at 15.2% sa Chhattisgarh ang walang lupa. Karamihan sa nawawalan ng lupa ay mga kababaihang katutubo, kasabay nito siyam na porsyento (9%) ng Adivasi ay nakaranas na mapalayas sa kanilang lupang binubungkal.

Hindi nakikinabang ang malawak na mamamayan laluna ang mga katutubo sa sinasabing "pag-unlad" ng India. Sa halip, inaagawan at pinagkakaitan sila ng lupa, kabuhayan at karapatan. Mayroong 18.5 milyon o 2% na populasyon ang nadisloka dahil sa mga "proyektong pangkaunlaran". Aabutin sa 50% ng mga nadisloka ay mga katutubo, bagama't 8.08% lamang ang Adivasi. Sa kabila ng malawakang dislokasyon, walang unipormadong patakaran ang gubyernong India para sa resettlement at

rehabilitation. Kaakibat ng “pag-unlad” na para lamang sa iilang naghaharing-uri sa India ang militarisasyon. Malinaw sa mamamayang Adivasi na ang pribatisasyon, korporatisasyon at militarisasyon ay banta sa kanilang buhay at kultura.

Sa mahigit limang dekada, ang CPI-Maoist at PLGA ay nagsusulong ng armadong pakikibaka laban sa pasistang estado, monopolyo kapitalista at imperyalistang kapangyarihan. Itinataguyod nila ang katarungang sosyo-ekonomiko at para sa karapatan ng mamamayan sa lupa, kagubatan, katubigan at karapatang tao ng mga katutubo, magsasaka at iba pang mamamayan ng India. Sa ganitong diwa at sa paninindigan para sa proletaryong internayunalismo kinakailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayang Pilipino at mamamayang Indian para labanan ang pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismo at panunupil ng pasistang estadong Marcos at Modi.

Nagpupunyagi ang CPP-NPA-NDFP at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon at ubos-kayang nilalabanan ang panunupil ng pasistang estadong malakolonyal at malapyudal. Kaakibat nito ang paglaban sa paninibasib ng imperyalistang US kasabwat ang lokal na naghaharing burgesyang kumprador-panginoong maylupa na nagiging mas masiba at mapandambong dahil sa labis na krisis ng pandaigdigang sistemang monopolyo kapitalismo. Makakaasa ang mamamayan sa Timog Katagalugan na pag-iibayuhin ng PKP-TK ang

pamumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon, palalakasin ang armadong pakibabaka ng BHB at itataas ang antas ng digmang bayan bilang ambag at suporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Indian at iba pang inaaping mamamayan at bayan sa daigdig laban sa imperyalismo.

Operation Kagaar, terorismo sa mamamayang Indian! Marcos at Modi, parehong pasista-terorista! Ipaglaban ang lupang katutubo sa India at Pilipinas! Labanan ang mapangwasak na pagmimina sa India at Pilipinas! Mamamayang Pilipino at Indian, magkaisa at lumaban! Isulong ang digmang bayan sa Pilipinas at India! Ibagsak ang imperyalismo!

Papanagutin ang rehimeng US-Marcos Jr at AFP sa labis-labis na karahasan kontra sa mamamayan!

Hunyo 23, 2024

Tipon Gil-Ayab, Spokesperson NPA-Kalinga

Noong Mayo 31 at June 7, 2024 ay nangyari ang serye ng mga labanan sa pagitan ng LCC-NPA Kalinga at tatlong batalyong nakapaloob sa 503rd Infantry Brigade ng Philippine Army (PA) sa munisipyo ng Balbalan. Sa nasabing mga labanan, matagumpay na nakuha ng mga kasamang Pulang mandirigma ang inisyatiba, hinarap at binira ang operasyong combat ng kaaway kahit pa gumamit ang mga ito ng labis-labis na pwersa at bomba. Sa datos mismo ng AFP ay mayroon silang apat na

nasugatan at dalawang nasawi, habang sa panig ng NPA ay sugatan at nahuli ng kaaway si Gap-iden “Ka Simple” Bawit. Ginamot siya ng mga medic ng NPA at naipasa sa masa upang maipagamot. Dapat respetuhin ang kanyang karapatan bilang hors de combat.

Samantala bilang paglilinaw, ang sinasabing isa pang labanan sa Barangay Maling, Balbalan noong umaga ng Mayo 31 ay isang pekeng labanan at gawa-gawa lamang ng AFP. Sa katotohanan, dinakip nila ang isang masa. Pinaputukan at pinaratangan siyang NPA gayong maliwanag sa mga nakasaksi at nakarinig ng balita na sibilyan ang naturang indibidwal.

Mariing kinukundena ng LCC NPA-Kalinga ang paghulog ng kaaway ng di bababa sa 12 bomba at paggamit ng drone at helicopter para sa walang-habas na pamamaril mula sa ere (strafing) na nagdulot ng matinding takot sa sibilyang populasyon. Ang lugar na kanilang binomba ay production area na malapit sa kabahayan ng Barangay Maling at pinanggagalingan ng irigasyon ng palayan ng komunidad. Naitaon ang pambobomba sa panahon ng anihan. May gana pang itanggi ng Army, PNP at ng mismong Mayor ng Balbalan ang nangyaring pambobomba gayong dinig na dinig at kitang-kita kahit sa mga kanugnog na barangay ang mga drone at helicopter na naghulog ng mga bomba. Kahit ang mga estudyanteng nasa paaralan sa mga oras na iyon ay nakadama ng matinding takot dahil sa yanig at lakas ng pagsabog. Responsable at dapat managot ang 503rd Infantry Brigade sa pinsalang

dinulot nito sa kabuhayan at mental na kalagayan ng mga masa sa nasabing lugar.

Nananawagan ang LCC NPA-Kalinga sa mga mamamayan ng Kalinga at maging sa simpatisador at nagsusulong ng karapatang-tao na ihabla ang kaso laban sa paglapastangan ng rehimeng US-Marcos Jr at AFP sa International Humanitarian Law (IHL) o pandaigdigang batas ng digma. Papanagutin sila sa pinsalang dinulot nila sa mga komunidad na ginagambala ng kanilang mga operasyong militar at walang-habas na terorismo sa himpapawid gamit ang mga drone at helicopter.

Ang serye ng mga labanang ito ay nagpapasinungaling sa deklarasyon ng kaaway na wala o humina na ang NPA sa Kalinga. Binabanggit ng AFP na 10 na lamang ang natitirang NPA sa Kalinga, ngunit gumagamit sila ng malalaking bilang ng pwersa, mga drone at helicopter. Nagaaksaya sila ng pondo ng bayan para sa walang saysay na programa kontra-insurhensiya imbes na gamitin para sa ayuda sa panahon ng El Nino at krisis sa kabuhayan ng masa.

Sa harap ng tumitinding krisis pang-ekonomya, pananakot at pandarahas ang sagot ng rehimeng US-Marcos Jr. imbes na makabuluhang ayuda para sa mamamayan. Lalo pa nitong pinapatindi ang kahirapan ng mamamayan sa pagsagka nito sa kanilang paghahanap-buhay. Sa katotohanan, hangga't nananatili ang kalunos-lunos at aping kundisyon ng masa sa probinsya ay hindi mauubos ang sumasampa at sumusuporta sa tunay na

Hukbo ng masa, ang NPA. Sa harap ng nagpapatuloy na pandarambong sa rekurso at lupaing-ninuno ng mga mamamayan ng Kalinga, tumitindig ang masa at kanilang Hukbo upang lumaban at ipagtanggol ang kanilang karapatan. Ang NPA ay binubuo, pangunahin, ng mga masang magsasaka na naghahangad ng tunay na reporma sa lupa at tunay na panlipunang pagbabago. Mahaba na ang karanasan ng tulungan at suportahan ng masang iKalinga at NPA kontra sa pandarambong ng mga dayuhang imperyalista, tuta nitong reaksyunaryong rehimen at kasapakat nitong mga naghaharing-uri at mersenaryong AFP-PNP, at hindi ito basta-basta mabubura at madudurog bagkus ibayo pang tatatag.

Imbes na matakot, inaasahang lalong titindig ang masa upang ipaglaban at igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan. Sa sama-samang pagkilos, maipagtatanggol ang lupaing-ninuno, kabuhayan at buhay laban sa paglapastangan ng imperyalista at kasapakat nilang mga lokal na naghaharing-uri. Sa kasalukuyan mayroong 20 negosyong hydropower, isang geothermal, isang windpower, isang malaking minahan at maraming mining application sa buong probinsya.

Kasama ang kanilang Hukbo, ang NPA, matibay na haharapin ng masa ang mga hamon at pakana ng reaksyunaryong gobyernong US-Marcos Jr. na agawin, tayuan ng dam at iba pang proyekto, ang lupaing-ninuno ng mga iKalinga.

Papanagutin ang rehimeng US-Marcos Jr at 5th ID sa krimen nito kontra mamamayan at paglabag sa karapatang-tao at batas ng digma!

Ipagtanggol ang lupaing-ninuno laban sa pandarambong ng mga lokal na naghaharing-uri at kanilang imperyalistang amo!

Sumampa sa NPA at ipaglaban ang demokratikong interes ng mamamayang api't pinagsasamantalahan!

Inutil ang Dept. of Agrarian Reform Masbate sa harap ng malawakang pang-aagaw ng lupa at pagpatay sa mga magsasaka sa prubinsya

Hunyo 25, 2024

Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Masbate

Ang kapabayaang at kawalang-aksyon ng Department of Agrarian Reform-Masbate sa harap ng lantarang pangangamkam ng lupa at pagpatay sa mga magsasaka ay isa pang patunay na huwad at peke ang reporma sa lupang itinutulak ng rehimeng Marcos Jr. Sa halip, para sa mga Masbatenyos, mistulang kasangkapan pa ang DAR-Masbate sa malawakang pang-aagaw ng lupa at gera kontra magsasakang isinusulong ni Marcos Jr. sa pamamagitan ni Gov. Antonio Kho.

Hindi maiiwasan ang pagdududa ng mga magsasakang Masbatenyos. Walang naging paninindigan ang DAR matapos agawin ni Gov. Kho ang lupaing Pecson. Hindi napigilan ng

DAR ang kumpanyang Empark na kamkamin kahit ang isla ng Deagan na saklaw ng CARP.

Masahol, walang paninindigan ang DAR-Masbate sa harap ng tuluy-tuloy na kampanya ng pagpatay at pandarahas sa nga magsasaka. Dalawang kaso na ng pagpatay sa mga magsasaka ang naitala sa lupaing Triple A, subalit wala naging pagtugon ang ahensya. Tulad ng kinahinatnan ng pinatay na mag-asawang Pedro at Florencia Regala, malamang na paniwalaang muli ni DAR Provincial Director Herald Tambal ang palabas ng militar na NPA ang pinatay na si Boyet Rodrigo nito lamang Hunyo 23 sa Barangay Miabas, bayan ng Palanas.

Hindi ba't malaking insulto para sa DAR-Masbate na habang ipinapatupad ang kanilang programa sa Triple A ay harapang pinagbabantaan ng militar ang mga magsasaka na papatayin kung hindi lumayas sa kanilang mga binubungkal na lupa?

Deklaradong layunin ng reaksyunaryong reporma sa lupa sa Masbate ang umano'y mabawi ng gubyrno ang mga lupaing ipinaglabang mapasakamay ng mga magsasaka at kanilang rebolusyonaryong kilusan. Itinalaga pa nga ang kontra-komunistang dating upisyal ng PNP na si Theodore Sindac bilang regional director ng DAR. Kahiya-hiyang para sa rantsero niyang interes, tahasang binabalewala mismo ng gubernador ng prubinsya kahit ang sariling programang agraryo ng rehimen—patunay na walang patutunguhan ang mga magsasaka sa bulok na reporma sa lupang isinusulong ng reaksyunaryong estado.

Kung sinsero ang DAR-Masbate sa prinsipyo ng tunay na reporma sa lupa, handa dapat itong manindigan laban sa tangkang pagpapalayas sa mga magsasaka ng Triple A at kaakibat na pagpatay sa mga magsasaka.

Samantala, hindi magmamaliw ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid-Masbate sa pagmumulat at pag-oorganisa sa libu-libong magsasakang Masbatenyo na tanging sa pamamagitan lamang ng paglahok sa digmang bayan at pagsusulong ng rebolusyong agraryo tunay na makakamit ang rebolusyong reporma sa lupa.

Lalong hindi matatalo ang NPA sa ihinahasik na terorismo ng AFP-PNP-CAFGU laban sa masang Masbatenyo

Hunyo 25, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Hangga't may pang-aapi, pagsasamantala, kahirapan at kawalang-hustisya, hindi kailanman mawawala ang NPA at ang rebolusyong armadong paglaban. Iyan ang katotohanang hindi masikmura ni Marcos Jr at ng Armed Forces of the Philippines sa harap ng nabibigong deklarasyon ng rehimen na wakasan ang armadong pakikibaka ngayong Hunyo 2024.

Dahil hindi matu-talo ang NPA, pinatitindi ng AFP-PNP-CAFGU ang terorismo ng estado sa mga sibilyan, laluna sa Masbate. Mula Enero-Hunyo

2024, walang pakundangang naghasik ng brutalidad ang militar at pulis sa prubinsya kung saan umaabot na sa 31 ang bilang ng mga pampulitikang pinaslang, kung saan pito sa mga ito ay naitala sa unang hati ng 2024.

Kabilang sa mga pinaslang si Boyet Rodrigo na dinampot ng militar at pinagbabaril sa Barangay Miabas, bayan ng Palanas nito lamang Hunyo 23. Ayon sa mga residente, pinatawag si Rodrigo ng mga militar na nagpanggap na NPA sa isang abandonadong bahay at doon pinagbabaril. Pinagbantaan ang mga opisyal ng barangay na papatayin kung hindi pipirma sa kasulatang nagpapatotoong may engkwentrang naganap sa lugar.

Dahil sa pangyayari ay napuwersa ang mga residente na magbakwit sa baryo at iba pang karatig barangay, bagay na sang-ayon sa layunin ni Gov. Kho na pagpapalayas sa mga magsasaka sa kanilang lupa upang mapadali ang pag-agaw nito.

Higit na inilalantad nito ang kainutilan ng Department of Agrarian Reform-Masbate na itaguyod ang interes ng masang magsasakang Mabatensyo. Ang kanilang pagbubulag-bulagan at kawalang-aksyon laban sa malawakang pangangamkam ng lupa at pagpatay sa mga magsasaka sa prubinsya ay malinaw na patunay na interes ng mga panginoong maylupa ang kanilang itinataguyod.

Gamit ang teroristang dahas, pakay ni Marcos Jr na palalimin pa ang takot at ligalig sa prubinsya

sa desperasyong ilayo ang mga Masbatenyo sa rebolusyonaryong kilusan. Subalit batid ng mga Masbatenyo na mas nakakatakot kung mawala ang NPA sa kanilang buhay.

Batid ng mga Masbatenyo na kung mawala ang NPA, tuluyan nang mawawala ang anumang pag-asa para sa hustisya. Batid ng mga Masbatenyo na kung mawala ang NPA, lalong makakabuwelo ang pagwasak sa kabuhayan, pang-aagaw ng lupa, pagdambong sa likas na yaman at kaakibat na pang-aabusong militar.

Sa pangambang mawala ang armadong kilusan sa kanilang buhay, nauunawaan ng mga Masbatenyo ang pangangailangang lalong suportahan at palakasin ang kanilang Bagong Hukbong Bayan. Handa ang mga Masbatenyo na buuhin ang kanilang mga organisasyon, pagtibayin ang kanilang pagkakaisa at kumilos para ipagtanggol ang kanilang lupa, buhay at karapatan. Maraming mga kabataan ang mas nahihikayat na sumapi sa Hukbo. Aktibo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa prubinsya sa pagrerekrut ng mga bagong Pulang mandirigma.

Hinihikayat ng BHB-Masbate ang iba't ibang mga personalidad, institusyon at organisasyon sa loob at labas ng bansa na bigyang suporta ang pakikibaka ng mga Masbatenyo laban sa paghaharing militar sa prubinsya.

Nakikiramay ang Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate sa pamilya't mga kaanak ni Rodrigo at iba pang mga biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya.

Nauunawaan ng BHB-Masbate na nababalot ng pangamba ang mga pamilya ng mga biktima. Hindi sila pababayaan ng rebolusyonaryong kilusan at patuloy silang sasamahan sa laban para sa hustisya. Titiyakin ng BHB-Masbate ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba upang parusahan ang mga kriminal na AFP-PNP-CAFGU at upang patuloy na bigyang inspirasyon ang masang Masbatenyo na magkaisa at lumaban.

Pagpamiste sang army worms dugang nga peste sa pangabuhian sang mangunguma sa Negros Occidental

Hunyo 25, 2024

Felicidad Mercado, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Negros Island

Pagkatapos sang malawig nga pagluntad sang El Nino nga nagtuga sang pagkapierde sang katubohan kag pananum sang mga mangunguma sa Negros Occidental nga nag-abot sa 340M, ang magagmay nga plantador sang tubo naghingagaw nga apson nga marekober ukon magtanum liwat sang tubo para makalagas sa galing sa crop year 2024-2025. Bisan pa kon mangutang sila ukon magdugang liwat sang gasto sa pagtanum, ila nga himuon sa paglaum nga maulian ang gasto kag makatibawas sa pag-abre sang galing. Apang ining paglaum sang mga magagmay nga mangunguma gilayon nga nabuslan sang kakugmat kag kahangawa sa pag-atake sang peste nga army worms.

Sa ulihi nga pagbantala nag-abot na sa 177.5 ektarya ang naigo sang army worms sa mga katubuhan kag maisan sa Himamaylan-112.54 has, 65 has sa Isabela, Binalbagan, Moises Padilla nga nag-apekto sa masobra 280 ka mangunguma. Suno sa Office of the Provincial Agriculturist sa Negros Occidental (OPA), ang pagtuhaw sang army worms kag air worms tuga sang malawig nga El Nino. Siling sang mga eksperto, ang army worms makaya nga maubos ang 1 ka ektarya sang kamaisan sa isa lang ka gab-i.

Kon indi gilayon mahatagan sang igtalupangod kag matapna ang pagdagsa sang army worms, ginabana-bana nga madasig ini nga maglapta sa iban pa nga kaumahan sa kaiping nga mga banwa sang Negros Occidental. Bisan pa matuod naghatag na sang panguna nga bulig nga P3 milyones para sa pestisidyo ang OPA sang Negros Occidental, kulang ini agud maapas ang madasig nga paglapta sang army worms. Kinahanglan man nga mahatagan sang asistans ang mga mangunguma nga naigo sang El Nino kag subong man sang peste agud makabangon liwat sa ila pangabuhian kag makatibawas sa mahimo nga grabe nga gutom kag kaimolon nga magaiigo sa isla.

Gani ang PKM-Negros, nagapanawagan sa US-Marcos nga rehimen nga indi lang ang pagpangandam sa gyera kontra-Tsina ang paga-asikasuhon kundi mas ang kahimtangan sang malapad nga mangunguma nga nagakinahanglan subong sang pag-ulikid kag asistans sang gobyerno, ilabi na diri sa isla sang Negros.

NIR law facilitates neoliberal interests in Negros Island and Siquijor

Hunyo 26, 2024

Bayani Obrero, Spokesperson NDF-Negros Island

The US-Marcos II regime recently passed Negros Island Region (NIR) Act, clumping together the provinces of Negros Occidental, Negros Oriental, and Siquijor into one region. For all intents and purposes, this law was railroaded to further consolidate the interests of big landlords and compradors, corrupt bureaucrats, and their imperialist masters.

The selling point of the NIR is that the people in Negros and Siquijor no longer have to go to Cebu or Iloilo to process professional licenses, papers, and other legal transactions, and there will be lesser time and money spent when regional offices will be relocated in Negros and Siquijor. However, this unsubstantial basis completely grazes over the fact that the law was passed without proper public consultation or information.

Logistical convenience for legal processes is a mere facade for the real intention of the NIR law. Behind this shallow mask is the neoliberal agenda to completely open up Negros and Siquijor for liberalization, privatization, deregulation, and denationalization. The NIR will only serve to facilitate landlord-comprador monopoly, promoting land-use conversion and reclassification, mining and quarrying,

reclamation, and ecotourism, in utter disregard of communities in the cities and countryside. The pending infrastructure projects for the NIR will undoubtedly be a source of widespread bureaucrat corruption.

For example, plans to build regional offices of the NIR in Kabankalan City where an 87-hectare land distributed to farmers through the Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) in Barangay Orong will be reclassified to accommodate the regional centers and other lucrative businesses like hotels will displace communities and livelihoods in the area.

The NIR act will serve as political consolidation for the pro-Marcos bloc in the coming 2025 and 2028 elections. Among the three provinces, it is without doubt that landlord-bureaucrats in Negros Occidental (i.e. Albee Benitez, Eugenio 'Bong' Lacson, among others) will wield the monopoly of power, reigning over Negros Oriental and Siquijor. The Pamplona massacre victimizing the late Negros Oriental governor Roel Degamo, a staunch anti-NIR politician, and nine others was deeper than the Teves-Degamo rivalry as portrayed by the media. It was a systematic warning to those opposing the interests of US imperialism and the island's local elites.

Alongside the economic interests of the ruling class is the assurance of heightened state fascism and terrorism at the hands of the Armed Forces of the Philippines (AFP) and Philippine National Police (PNP). To protect and push the neoliberal offensive, armed mercenaries and butchers of the

state have ramped up militarization with impunity amid already alarmingly countless human rights violations. The NIR will only bolster military abuses towards the exploited and oppressed masses even further.

Essentially, the NIR law does not address any genuine problem that the people are undergoing in the worsening socioeconomic and humanitarian crisis. It is important to note that the law was passed without much debacle, while the extreme effects of the El Niño phenomenon and the Kanlaon eruption are being given band-aid solutions, at best.

Clearly, the Marcoses are assuring its political victory in the bourgeois elections to prolong their reign as long as it can and with this, preserve the hold of US imperialism in the country.

Thus, it is imperative to expose and reject the elitist and anti-poor NIR law, especially its role in the entry of neoliberal interests all over Negros Island and Siquijor. The anti-imperialist, anti-feudal and anti-fascist movement on the island, and Siquijor as well, must be expanded and consolidated. The basic masses and the middle, patriotic, and democratic forces including church people must be aroused, organized, and mobilized against neoliberalism.

In the coming mid-term elections, local politicians must be challenged to address legitimate social ills overwhelming the island such as landlessness, skyrocketing prices of basic goods, hunger, poverty, job insecurity, community and

environmental destruction, and the incessant human rights violations by state forces that are affecting the masses at large, instead of bickering among themselves for dominance and a share of the loot from the establishment of the NIR. ###

Pinakamataas na pagpupugay sa sampung dakilang martir ng Pantabangan! Tunay na hukbo ng mahihirap, bayani ng sambayanan!

Hunyo 27, 2024

NPA-Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Pinakamataas na Pulang pagpupugay ang iginagawad ng New People's Army-Josepino Corpuz Command sa sampung dakilang martir ng Pantabang, mga tunay na hukbo ng mahihirap, bayani ng sambayanang inaapi! Labis ang aming pagdadalamhati sa pagkabuwal ng mga mahuhusay at magigiting na kadre ng Partido at Hukbong Bayan. Ipinapaabot namin ang mahigpit na yakap at pakikiramay sa mga kapamilya, kaibigan, kasama, at mga masang tunay silang minahal. Walang pagsidlan ang aming hinagpis, poot, at galit sa mga berdugong militar dahil sa kanilang ginawang overkill.

Matapang na hinarap ang mga kaaway at buo ang paninindigang tanganan ang armas sa isang dependensibang labanan noong June 26, hanggang huling hininga. Habang buhay na nakatatak sa kasaysayan ng digmang bayan sina Hilario "Ka Berting/ Tonyo" Guiuo, Harold "Ka Luzon"

Menosa, Marian “Ka Lunti” Castro, Archie “Ka Soral/Teo” Arceta, Asaze “Ka Shyla/Cha” Galang, Pepito “Ka Dylan” Bautista, Noel “Ka Eric/Tagumpay” Bedonia, Noel “Ka Angel” Bedonia, Jr., Reynan “Ka Mel” Mendoza, at Angelika “Ka Molly” Villalon sa walang pag-iimbot nilang pagsasakripisyo at pag-aalay ng buhay upang itaguyod ang demokratikong rebolusyong bayan sa Gitnang Luzon.

Saksi ang malawak na kabundukan ng Sierra Madre sa kanilang mabubuting puso na handang pag-alayan ng lakas, talino, at buhay ang mga katutubong Dumagat, Igorot, Aeta, at masang magsasaka na patuloy na sinasadlak ng tatlong ugat ng kahirapan sa ating bansa. Simbigat ng Sierra Madre ang kabuluhan ng kanilang buhay, singlawak ng kapatagan ng Gitnang Luzon ang kanilang ambag sa pagtatagumay ng digmang bayan, singtayog at singyabong ng mga puno sa kagubatan ang pagkilala ng sambayanan sa kanilang dakilang kabayanihan. Gaano man kasama isalarawan ng mga berdugong kaaway ang pagiging hukbo at komunista nila, hindi mabubura ang kanilang ginintuang karanasan sa pagsusulong ng interes at kagalingan ng mamamayan.

Ang sampung martir ng Pantabangan ay mga mabubuting anak ng bayan. Nagmula sila sa iba’t ibang henerasyon at uri, sa hanay ng mga magsasaka, mala-manggagawa, tsuper, taong-simbahan, at kabataang-estudyante. Lahat sila ay hinubog ng kanya-kanya nilang karanasan sa pakikibaka dahilang upang makita at maunawaan

nila ang kawastuhan ng pagsusulong ng armadong rebolusyon. Mulat nilang binata ang mga kahirapan at sakripisyo ng pagiging tunay na hukbo, matapat silang nagpanibagong hubog upang pandayin ang sarili para maging mahuhusay na politiko-militar at kadre ng Partido. Walang tunay na sasaligan ang masang magsasaka kundi ang NPA lamang. Kaya't sa kabila ng hirap, gutom, pagod, at pananabik sa kanilang mga mahal sa buhay, patuloy silang buong-panahong kumilos, masigasig na nagsisilbi, at buo ang determinasyong ipatupad ang mga rebolusyonaryong tungkulin upang itayo ang gobyerno ng mahihirap sa kanayunan.

Malaon nang naging handa ang bawat kasama sa kaakibat na mabibigat na sakripisyo ng kanilang dakilang propesyong pinili. Matapang nilang binubuo ang paninindigang sumulong sa araw-araw. Kaya't sa kanilang pagkabuwal, tayo'y magdalamhati, at higit sa lahat, pagpugayan natin ang kanilang buhay. Gawing inspirasyon ang kanilang katapangan at paninindigan. Tayo'y sama-samang magpanday ng katatagan at pangibabawan ang anumang takot. Ito ang pinakamabisa nating sandata upang labanan ang iba't ibang anyo ng terorismo ng estado.

Araw-araw nating dakilain ang ating mga bayani. Nabuwal man ang sampung magigiting na hukbo ng NPA-Gitnang Luzon, hindi nito mapipigilan ang pag-igting ng digmang bayan sa Pilipinas sapagkat ang mga dahilan para magrebolusyon ay nananatili, humihinog ang sitwasyon upang patuloy na lumaban ang mamamayang api at

pinagsasamantalahan. Magdalamhati, ngunit patuloy na makibaka!

Hustisya para sa Pantabangan 10! Mabuhay ang sampung martir ng Pantabangan! Mabuhay ang tunay na hukbo ng mahihirap, bayani ng sambayanan! Mamamayan, lumahok at ipagtagumpay ang digmang bayan!

Red-tagging at tanim na ebidensya, mga malisyosong taktika ng 80th IBPA

Hunyo 28, 2024

Jose del Pilar, Spokesperson NPA-Bulacan

Mariing kinukundena ng NPA-Bulacan ang isinagawang reyd ng 80th IB, 70th IB at PNP-Bulacan sa bahay ng sibilyang si Ronnie Manalo sa Purok 4, Barangay Paradise III, San Jose Del Monte noong Hunyo 18, 2024 at ang paghahanap sa lider magsasaka ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan na si Cecile Rapiz. Malisyoso pang binansagan ng pasistang tropa si Manalo bilang NPA sa baluktot na pagbibigay-katwiran sa kanilang reyd, kung saan ginawang “ebidensya” ang tuso nilang itinanim na ripleng M16 shotgun, mga computer at dokumento. Malala pa rito ang kaakibat na red-tagging sa organisasyong Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na iniuugnay ngayon sa CPP-NPA-NDF.

Ang ginawang reyd ng tropa ni Lt. Col. Mark Anthony Ruby ay kaso ng violation of domicile o pwersahang pagpasok sa tahanan ng sibilyan, at

illegal/arbitrary search and seizure ang ginawang panghahalughog. Wala si Manalo sa kanyang tahanan nang mangyari ito kung kaya't wala ring pahintulot ang pagpasok sa kanyang tahanan, lalo ang ginawang panghahalughog. Para makalusot sila sa paglabag na ito, tiniyak nilang gumawa ng kontrobersya sa pamamagitan pagtatanim nila ng ebidensyang armas at pag-uugnay nito sa organisasyong KMP bilang bahagi ng kriminal na iskema ng NTF-ELCAC na red-tagging sa mga progresibong organisasyon ng mamamayan.

Malinaw na atake sa mga magsasaka ang ginawang reydy, ilang araw lamang matapos gunitain ang pagpapatupad ng huwad na reporma sa lupa na CARP. Hanggang ngayon, lalo sa San Jose Del Monte, danas ng mga magsasaka ang nananatiling monopolyo ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador sa lupa at kaakibat na pang-aapi sa mga magsasaka.

Ang red-tagging sa organisasyong Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at sa mga katulad ni Manalo na kumikilos para sa kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan ng mamamayan ay isang pagtatangkang gawing ilehitimo ang kanilang ipinaglalaman sa kadahilanan lamang na ang mga ito ay "kulay pula". Inililihis nito ang usapin mula sa kasalukuyang mga suliranin ng mamamayan sa lugar-ang patuloy na pangangamkam mga Araneta, Ayala, Lopez at Sy sa lupa para sa kanilang mga anti-mamamayang proyekto tulad ng Colinas Verdes subdivision, Altaraza Estate, IT park, at SM San Jose Del Monte, pati ng mga proyekto ng reaksyunaryong guberno tulad ng

MRT-7 na sumasagasa sa karapatan ng mga magsasaka sa lupa.

Tinatangka ring ipambala ang tatak na pula upang maghugas-kamay at bigyang-katwiran ang mga naging madugo at marahas na panunupil sa mga nakikibakang magsasaka ng San Jose Del Monte tulad ng nangyari noong Tungkong Mangga Masaker noong 1999 at ng pamamaril sa mga magsasaka noong Enero 28, 2022 matapos ang iligal na demolisyon na ginawa ng Araneta Properties, Inc. at Securicore Agency sa Barangay Tungkong Mangga. Sa pamamagitan ng red-tagging, ginagawang target ng panunupil ng pasistang estado ang mga sibilyang nagsusulong lamang ng kanilang karapatan. Winawasiwas ang Anti-Terrorism Law upang takutin at isapanganib ang buhay ng nakikibakang mamamayan.

Hindi lang ang CPP-NPA-NDF ang nagtataglay ng mithiin ng mga magsasaka at iba pang mamamayang Pilipino para sa tunay na reporma sa lupa, suporta sa lokal na produksyon, at pagtatanggol sa kanilang mga karapatan. Hindi katumbas ng paghawak sa mga prinsipyong ito ang pagiging miyembro ng CPP-NPA. Ito ay mga lehitimong interes at malaon nang panawagan ng maraming magsasakang Pilipino kung saan bahagi lamang ang mga kasapi ng organisasyong Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Ang mga interes na ito ay siya namang buong itinataguyod ng CPP-NPA-NDF sa pamamagitan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan dahil nakikita nitong tunay na makakamit lamang

ng mga magsasaka ang karapatang ito sa ilalim ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

Dapat kundenahin ng mamamayan ng Bulacan ang isinagawang reyde ng 80th IBPA, 70th IBPA at PNP-Bulacan. Dapat manatiling nagkakaisa ang mamamayan na ilantad at labanan ang iba't ibang anyo ng panunupil sa nakikibakang mamamayan sa lugar.

Hindi man NPA ang mamamayan ng San Jose Del Monte na nakikibaka para sa lupa, pinakikita lamang ng pasistang estado sa kanyang pandarahas ang nagpapatuloy na kawastuhan ng pagtangan ng mamamayan ng armas upang epektibong ipaglaban ang kanilang karapatan at buhay.###

**Archie “Ka Ron/Soral Malaya” Arceta:
Rebolusyonaryong Makata, Kadre ng
Partido’t Hukbo, Martir ng Gitnang
Luson, Bayani ng Sambayanan!**

Hunyo 29, 2024

**NPA Central Luzon Regional Operational
Command (Josepino Corpuz Command)**

Pinakamataas na Pulang pagpupugay ang ipinapaabot ng BHB-Josepino Corpuz Command kay kasamang Archie “Ka Ron” Arceta o kilala rin sa kanyang mga rebolusyonaryong akdang pampanitikan bilang Soral Malaya, kadre ng Partido’t pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, martir ng Gitnang Luson, at dakilang bayani ng sambayanang Pilipino!

[soral-malaya-archie-archeta-parangal]

Kabilang si Ka Ron sa sampung magigiting at mahuhusay na pulang mandirigmang nabuwal sa isang labanan noong ika-26 ng Hunyo sa Barangay Villarica, Pantabangan, Nueva Ecija. Nasawi man, hindi mabubura at mawawakasan ng berdugong kaaway ang kanyang maningning na ambag sa pagsusulong ng rebolusyon.

Taong 2008 ay na-organisa si Ka Ron sa kanyang unang taon pa lamang sa kolehiyo sa Jose Rizal University (JRU). Namulat siya na ang pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin sa eskwelahan ay dulot ng neoliberal na mga polisiya na nagbalangkas sa kolonyal, komersyalisado, at pasistang oryentasyon ng edukasyon sa bansa. Sumapi si Ka Ron sa Anakbayan Chapter ng kanyang unibersidad at dito'y nag-umpisa siyang magmulat, mag-organisa, at magpakilos ng kapwa estudyante.

Sa parehong taon, naglunsad ang mga mag-aaral ng JRU ng Snake Rally sa loob ng kanilang campus upang ikampanya ang paglaban sa oil price hike, Reformed Value-Added Tax (VAT), at bilang suporta sa panawagan ng mga manggagawa na P125 dagdag umento sa sahod. Ngunit panggigipit naman ang tugon dito ng kanilang administrasyon kaya't isa si Ka Ron sa 19 na mga estudyanteng pinatawan ng suspensyon. Mula dito, lilisanin na ni niya ang burgis na unibersidad upang maging mag-aaral naman ng lipunan.

Tumungo siya sa picket line ng mga manggagawa ng Kowloon upang suportahan ang kanilang welga, nakipamuhay sa maralitang mga komunidad ng kamaynilaan, tumuwang siya sa pag-oorganisa sa laban sa demolisyon sa San Roque, Quezon City at Corazon de Jesus sa San Juan, at masigasig siyang nag-organisa ng estudyante sa mga pampublikong pamantasan upang isulong ang kampanya laban sa Budget Cut ng mga SUCs, reformed VAT, price hikes, at pagpapataksik sa pasistang rehimeng US-Arroyo. Masigla ang pakikibaka ng sektor na lumundo sa Mendiola Camp Out, libu-libong mobilisasyon at pagmartsa ng mga kabataan at estudyante mula sa iba't ibang mga unibersidad, pamantasan, at komunidad.

Dahil sa masigasig na pagkilos, taong 2010 ay nahalal si Ka Ron bilang Treasurer at ED Officer ng Anakbayan National. Masigla rin siyang nangampanya sa panahon ng pambansang eleksyon upang ipanalo ang natatanging kinatawan ng mga kabataan sa kongreso, ang Kabataan Partylist. Ngunit batid niyang hindi sa eleksyon, hindi sa mga reporma, hindi sa pakikibakang legal tuluyang mababago ang mala-kolonyal at malapyudal na sistema ng lipunan. Hindi sa parliamentaryong pakikibaka maitatag ang tunay na gobyerno ng mahihirap, kundi tanging sa pagsusulong lamang ng armadong pakikibaka.

Kaya naman, taong 2011 ay isa si Ka Ron sa laksak-saksang kabataan mula sa lungsod na tumugon sa panawagan ng Partido na sumapi sa Bagong

Hukbong Bayan. Sa ilalim ng National Military Staff (NMS) na naka-base sa Tarlac, pinanday niya ang kanyang sarili bilang isang mabuti at mahusay na rebolusyonaryo.

Mayaman ang kanyang karanasan sa pag-oorganisa ng mga magsasaka sa kanayunan. Taong 2012-2013, naging bahagi siya ng KT-Sangay ng Platoon at District Committee na saklaw ang malawak na kapatagan ng Tarlac maging ilang bahagi ng Pangasinan. Sa sumunod naman na taon, 2014-2015, sa probinsya naman ng Nueva Ecija siya kumilos sa ilalim pa rin ng NMS.

Taong 2016, opisyal na itinayo ang mga Larangang Gerilya sa Patag (LGP) sa rehiyon ng Gitnang Luzon. Mula sa pambansang istap ng Hukbo, tuluyan silang ipinailalim sa pamumuno ng rehiyon. At dito'y maitatalaga si Ka Ron bilang Kagawad ng LGP-1, o katumbas bilang kagawad ng probinsya.

Sa sumunod na mga taon, 2017-2019, matinding pasistang atake ang hinasik ng berdegong kaaway sa rehiyon. Sunud-sunod na pinaslang, hinuli, at kinulong ang mga kadre sa yunit ng LGP at maging sa buong mga probinsya ng Gitnang Luzon. Dahil dito'y pinagdaanan din ni Ka Ron ang mabigat na mga krisis dahilan upang pansamantala siyang hugutin sa kanyang yunit na kinikilusan. Matapat siyang naglahad sa kanyang mga kahinaan sa panahong ito, at sa abot ng makakaya, sinikap pa rin niyang unti-unting makabwelo at makabawi.

Mapagpasya siyang umabante. Mapagpasya niyang pinangibabawan ang takot. Nagpasya siyang pangunahing tugunan ang malaking pangangailangan ng kabuuan kaysa ipreserba ang sarili. Taong 2022 ay nakabalik siya sa LGP-1, kumilos dito ng ilang panahon, bago tuluyang sumampa sa yunit ng Sierra Madre sa ilalim ng Josepino Corpuz Command.

Sa loob ng yunit, dito siya higit na nagsanay upang pandayin ang kakayahan sa larangan ng pulitiko-militar. Matiyaga siyang nag-aral at natuto lalong-lalo na sa usaping militar sa tulong ng mga mahuhusay na kumander. Punong-puno siya ng pagmamalasakit sa kapwa. Malalim ang pag-unawa at pasensya anuman ang mga kahirapan at sakripisyong hinihingi ng digmaan. Ipinakita ni Ka Ron ang kanyang mapagkumbaba at mahusay na aktitud sa mga kasama at sa masa. Matapat siyang nagpapanibagong-hubog upang iwaksi ang mga tendensiya ng kanyang uring pinagmulan. Masigasig na gumampan sa anumang rebolusyonaryong tungkulin ang italaga sa kanya ng Partido. Sa loob ng yunit, gumampan siya bilang Giyang Pampulitika at pana-panahong humahalili bilang Pampulitikang Instruktor ng platoon.

Si Ka Ron ay si Soral Malaya sa kanyang mga rebolusyonaryong akdang pampanitikan. Mula nang siya'y kumilos bilang isang aktibista, hanggang sa sumampa sa hukbo, ang kanyang mga tula ay nagsasalarawan sa malawak at malalim na karanasan sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan. Patuloy siyang

mabubuhay sa imortalidad ng kanyang mga isinulat na akda.

Lumaki mula sa uri ng mababang petiburgis, at sa kabila ng burgis na pangarap para sa isang marangya at mas komportableng buhay, isinantabi niya ito para ipaglaban ang mas maginhawang bukas para sa mas nakararami. Siya ay tunay na bayani. Nakidigma upang magpanday ng mas malayang mundo para sa susunod na henerasyon. Buong-pusong niyakap ang pagsisilbi sa bayan. Habang buhay nakatatak sa kasaysayan si Ka Ron. Walang hanggan ang pagdakila sa kanya ng kapamilya, kaibigan, kasama, at masang anakpawis na kanyang pinagsilbihan at pinag-alayan ng buhay.

Mula sa mga eskinita ng lungsod, hanggang sa malawak na kapatagan ng rehiyon, hanggang sa kabundukan ng Sierra Madre, mananatili ang kanyang rebolusyonaryong diwa, hindi mauubos, hindi mauupos kailanman.

Mula sa mga pahina ng librong pampanitikan, hanggang sa paglikha ng tula sa kanayunan, tiyak na magiging mabisang armas ang kanyang rebolusyonaryong akda. Ang kanyang buhay-pakikibaka ay magsisilbing inspirasyon upang patuloy na lumaban ang mamamayan, magrebolusyon ng buong-sigasig, hanggang sa ganap na tagumpay.

Pinakamataas na pagkilala at pagpupugay kay Ka Ron, makatang mandirigma, kadre ng Partido't Hukbo, martir ng Gitnang Luzon, tunay na bayani ng sambayanan!

Pulang saludo sa Pantabangan 10! Mabuhay ang hukbong bayan! Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!

Pinakamataas na pagpupugay kay Ka Reb at Ka Alex, mga martir ng sambayanan at bayani ng kabataan!

Hunyo 29, 2024

Victoria Madlangbayan, Spokesperson Kabataang Makabayan-Laguna

Pinakamataas na pagpupugay at Pulang saludo ang iniaalalay ng Kabataang Makabayan-Laguna kina Jian Markus “Ka Reb” Tayco at Royce Jethro “Ka Alex” Magtira matapos mabuwal sa naganap na labanan noong ika-23 ng Hunyo, 2024 sa Bayan ng Tuy, Batangas.

Ang kanilang kadakilaan ay malinaw na inspirasyon hindi lamang ng kabataan sa Timog Katagalugan, ganundin sa buong kapuluan ng Pilipinas!

Kagaya ng nakararaming kabataan-estudyante, nagmula sa uring petiburgesya sina Ka Reb at Ka Alex. Nahubog ang kanilang kasariwaan sa mga kampanyang masa kanilang nilubugan. Namulat sila sa gitna ng pandemyang Covid-19, kung saan sinamantala ng rehimeng US-Duterte ang malubhang krisis para patindihin ang militarisasyon at pasismo sa buong bansa. Danas nina Ka Reb at Ka Alex ang naging palpak na tugon ni Duterte sa edukasyon sa gitna ng

pandemya, na nagdulot sa kanilang pagkamulat at pagsali sa mga organisasyong masa.

Parehong ginamit nila Ka Reb at Ka Alex ang kanilang husay at talino sa sining upang magorganisa at magpropaganda. Isa ito sa kanilang naging makinarya upang lubos na makalubog sa masang anakpawis. Pareho nilang itinaguyod ang pambansa, siyentipiko, at makamasang kultura.

Ang kanilang kagalingan at kasiklayan na kumilos ay naging mitsa upang mamuno ng mas malawak na sektor ng kabataan. Naging lider-estudyante silang dalawa sa kanilang probinsya ng Cavite at maging sa buong rehiyon ng Timog Katagalugan.

Labas sa sektor ng kabataan-estudyante, mulat na umugnay sina Ka Reb at Ka Alex sa batayang masa sa Cavite. Tinutulan nila ang mga demolisyon sa mga komunidad ng mangingisda sa Manila Bay at sumuporta sila sa laban ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Subalit sa patuloy na pagkilos sa organisasyong masa, nagagap nina Ka Reb at Ka Alex na walang ibang daan patungo sa paglaya kundi ang pagkapit ng armas at lubos na makilahok sa Pambansang Demokratikong Rebolusyon bilang mga pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Ang mga naging batayang isyu ng lipunan na siyang nagtulak kina Ka Alex at Ka Reb ay buhay at nagpapatuloy hanggang sa araw ng kanilang pagkabuwal. Kaya't kagaya ng paggagap nila Ka Alex at Ka Reb sa pagiging makatuwiran ng

rebolusyon, ay tinatanganan ng Kabataang Makabayan-Laguna ang hamon ng diwang mapanglaban na nabitawan nina Kasamang Reb at Kasamang Alex!

Tiyak na makakamit ng sambayanang Pilipino ang pambansang paglaya sa pamamagitan lamang ng pagsusulong ng pambansang demokratikong rebolusyon. Sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, nanawagan ang Kabataang Makabayan-Laguna sa lahat ng kasapi nito na mas pag-ibayuhin ang pag-igpaw sa mga kahinaan at sumulong upang makapagpasampa ng mas maraming kabataan na siyang magpapatuloy ng mga nasimulan nina Ka Reb at Ka Alex.

Kabataan, ngayon ang tiyak na panahon upang makibaka para sa pambansang kasarilanan ng masang anakpaws! Umigpaw sa kahinaan, isulong ang rebolusyon, at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

MABUHAY SINA KA REB AT KA ALEX! MABUHAY ANG MGA MARTIR NG SAMBAYANAN!
MABUHAY ANG BAGONG HUKBONG BAYAN!

Nagsinampaw ang palas-anon sang pumuluyo sa duha ka tuig sang rehimen US-Marcos II

Hunyo 30, 2024

**Felicidad Mercado, Spokesperson
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-
Negros Island**

Nagasinampaw ang palas-anon sang pumuluyo tungod sa duha na ka tuig nga ka-inutil kag kapabaya sang rehimen US-Marcos II para sa ila kaayuhan kag kaluwasan. Partikular sa isla sang Negros, padayon nga gina-atubang sang pumuluyo ang kawad-on sang duta nga palangabuhian, manubo nga suhol sang pamugon kag kakulang sang benepisyo, kakulang sang libre nga serbisyo pangkatilingban, padayon nga pagsaka sang balayran sa kuryente kag tubig kag pagsirit sang mga presyo sang mga nagapanguna nga balaklon pareho sang bugas, karne, utan, bulong kag iban pa.

Indi pa gihapon nagaka-igo ang mga tikang sang rehimen US-Marcos II para sa mapanghalit nga epekto sang pila ka bulan nga pag-atubang sang pumuluyo sa masingkal nga tig-ilinit tuga sang El Niño penomenon bisan pa sa masobra ₱83 milyones nga ayuda kag ₱10 milyones nga pondo para sa Bacolod City kag ₱50 milyones sa Negros Occidental nga ginpanagtag ni Marcos Jr sini lang Hunyo 27.

Tungod indi bastante ang ginpanghatag nga ayuda sang reaksyonaryo nga gobyerno kag wala nakalab-ot sa kadam-an nga mangunguma ang bulig sa panahon sang El Niño, napilitan ang mga mangunguma nga mangutang sa mga microfinance kag mga lending firm pareho sang Dungganon, RAFI, AXA, kag iban pa agud masabat lang ang sandigan nga mga kinahanglanon sang ila mga pamilya. May mga kaso man sa pagprenda kag pagpa-arendo sang ila gamay nga duta kag pagkaubos baligya sang ila mga kasapatan.

Liwat naman nga pagasanggon sang pumuluyo ang bagusbos sang hangin kag ulan sa pagsulod sang La Niña nga kasan-o lang gin-anunsyo sang Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAG-ASA) nga maga-igo sa pungsod sugod sa bulan sang Hulyo subong nga tuig. Nagasinampaw na ang palaligban sang pumuluyo ilabi na ang mga mangunguma nga wala nakaprodukto sa duta sa tition sang El Niño tungod sa kawad-on sang irigasyon ukon pagkahubas sang tuboran kag mga bubon nga nagapanguna nga ginakuhaan sang tubig para sa kinahanglanon sang panimalay kag ulumhan.

Nakasugod man tanom ang mga mangunguma sang mais kag humay antes pa nagsugod ang El Niño, apang napaslaw nga isustiner nga buhion ang mga ini samtang ang iban wala gid nakatanom tungod sa tuman nga pagbagtik sang duta. Nagmenos man ang bunga sang mga lubi kag barato ang pagbakal sang mga ginabaligya nga mga saging. Ikompara sa mga agalon mayduta nga may ikasarang imantine ang patubig sa ila mga kampo, ang mga gagmay nga plantador nga nakagasto na sa pagpatanom sang tubo, pahilamon, paarado kag paabono sa ila tubo, ginpili na lang nga ipagupod ang nagkunol nga mga tubo para ibaligya ang patdan kaysa sa indi mapuslan ang mga ini.

Bisan ang mga mangunguma kag mamumugon sa uma, nagapalibog man kon sa diin sila manglaghap sang pagkaon tungod naubos kalamatay ang ila mga gintanom nga mga

kararuton kag utanon tungod sa tuman nga kainit. Lapnagon man ang mga grassfire kag pagkalasunog sang mga lasang tuga sang sobra nga kainit.

Sadto lang nagligad nga Hunyo 3 sini nga tuig, naglupok ang Bulkan Kanlaon kag nagpagwa sang abo kag pagbaha sang lahar. Nagtuga ini sang indi magnubo sa ₱11 milyon sa Negros Occidental kag ₱139 milyon sa Negros Oriental nga kahalitan sa sektor sang agrikultura nga nagdislokar sa pangabuhian sang pumuluyo kag tuman nga kakugmat sa mga nagapuyo malapit sa perimetro sang bulkan.

Apang wala sang kongkreto kag sustenable nga plano ang reaksyonaryo nga gobyerno para sa liwat nga pagbangon sang mga apektado sang nasambit nga kalamidad. Madamo sa ila ang nagakinahanglan nga magpatukod liwat sang ila puluy-an kag palangabuhian nga tubtob subong nagahulat sang nagakaangay nga tikang halin sa reaksyonaryo nga gobyerno.

Magluwas sa katalagman tuga sang El Niño, paglupok sang bulkan kag palaabuton nga sagunson kag mabaskog nga bagyo tungod sa La Niña, dako nga peligro ang indi masolusyonan kag pasulit-sulit nga pag-eksperyensya sang tigkiriwi sang pumuluyong mangunguma kag mamumugon sa uma. Ini amo ang siklo sang kakulang sang trabaho sa panahon nga sira ang galing kon sa diin tapos na ang pagpahilamon, pagpaabono kag iban pa nga ulubrahon sa kampo. Sa sini nga panahon, nagahulat na lang sang ganansya ang mga agalon mayduta samtang dugang nga

kagutom kag kapigaduhon ang maaguman sang mga mamumugon sa kampo.

Naga-igod ang pumuluyo sa kagutom kag kapigaduhon apang padayon man nga nagapabungol-bungol ang rehimen US-Marcos II. Pagalauman ang mabaskog nga paglanog sang panawagan sang pumuluyong Negrosanon sa pagpanukot sang nagaka-angay nga sabat sa ila singgitan para sa matuod nga reporma sa duta kag pagpa-untat sang operasyon sang mina, plantasyon kag iban pa nga porma sang pagpangwasak sang kinaiyahan para sa interes sang dumuluong nga kapitalista kag imperyalistang US.

Nagapakig-isa ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Negros sa panawagan para sa hinanali nga sabat sa demanda para sa liwat nga pagpakay-o sang puluy-an kag palangabuhian kag ayuda nga pagkaon kag iban pa nga kinahanglanon sang mga pumuluyo nga apektado sang paglupok sang Bulkan Kanlaon. Dapat sabton sang rehimen Marcos ang madugay na nga panawagan nga programa, suporta kag subsidyo sa nagligad nga El Niño kag maghimo sang nagakaangay nga tikang para sa palaabuton nga La Niña kag sa tigkiriwi.

Kadungan man sini, isa ang tingog sang pumuluyo upod sa naga-isa nga kusog sang mga mangunguma sa pungsod sa pagpatuman sang matuod nga reporma sa duta, pagbungkag sang sistemang asyenda kag pagdula sang mga neoliberal nga patakaran sa kalamay, humay kag

iban pa nga produktong pang-agrikultural sa pungsod. ###

Panibagong pamamaslang, kasabay ng hungkag na “Peace Caravan”

Hunyo 30, 2024

Samuel Guerrero, Spokesperson NPA-Sorsogon (Celso Minguez Command)

Pinagbabaril hanggang sa mapatay ng tropa ng 31st IBPA si Arnel Esperitu, 39 taong gulang noong Hunyo 20, bandang alas 4 ng umaga sa sentro ng Barangay Gogon, Donsol, Sorsogon. Dumaan lamang si Arnel sa kalsada malapit sa pwesto ng militar nang barilin sya na kaagad nyang ikinamatay.

Pagkatapos ng krimen, tinakot ng mga militar ang pamilya ng biktima upang hindi magsampa ng reklamo at imbes na lumayas sa lugar ay nagdagdag pa ng pwersa ang mga berdugo at inukopa ang evacuation center ng barangay.

Sa parehong araw dumagsa ang mahigit 60 elemento ng PNP at AFP Kasama ang DILG, at LGU sa barangay Catamlangan, Pilar, Sorsogon para sa “Peace Caravan” sa barangay Catamlangan, Pilar, Sorsogon. Inaasahang ipagpapatuloy sa iba pang mga barangay ng Pilar at Donsol ang mapanlinlang na “Peace Caravan” habang patuloy din ang paghahasik ng terorismo ng AFP at PNP laban sa mamamayan.

Kabalintunaan ang “Peace Caravan” ng AFP, PNP at lokal na gobyerno sa harap ng walang

pakundangang pagpaslang at tangkang pagpaslang sa mga sibilyan. Bingi at bulag ang mga ahensya ng gubyrerno sa laganap na paglabag sa karapatang tao at mga batas ng digma sa lahat ng komunidad na inuukopa ng mga militar at pulis sa kanilang mapanlinlang at mapanupil na Retooled Community Support Program (RCSP) at Focused Military Operation (FMO).

Hindi pa man napapanagot ang 31st IBPA sa pamamamaril sa mga kabataan sina Ace Adiado at Francis Literal ng Baras, Donsol noong Abril 25 at pagpaslang sa magsasakang si Domingo Malaca ng Abucay, Pilar noong Mayo 5 muli na naman itong pumatay ng walang kalaban-labang sibilyan.

Ipinapangako ng CMC-BHB Sorsogon na gagawin nito ang tungkuling papanagutin ang mga salarin sa mga krimen laban sa mamamayan. Nanawagan kami sa mamamayang Sorsoganon na tumindig at magkaisa upang ilantad at labanan ang walang habas na paghahasik ng terorismo ng mga berdugong militar. Hinihikayat din namin ang mga lokal na opisyal ng gobyerno, tagapagtanggol ng karapatang tao, simbahan midya at iba pang nagmamalasakit sa kapwa na tulungan ang mga biktima at kanilang kapamilya para makamit ang katarungan.

Sunod-sunod nga kalamidad, wala sang sabat ang reaksyonaryo nga gobyerno

Hunyo 30, 2024

**Dionesio Magbuelas, Spokesperson
NPA-South Central Negros (Mt. Canseron
Command)**

Wala sang pagbag-o ang sitwasyon sang pumuluyong Pilipino ilabi na ang sektor sang mangunguma. Daku nga porsyento sa ila ang nagpabilin nga walay duta nga gintalauma. Kon may ara man, mapugos sila nga iabandona ukon ibaligya ini bangud sa kaatrasado sang kagamitan sa produksyon kag kakulang sang suporta sa agrikultural halin sang reaksyonaryo nga gobyerno. Bulnerable man sila sa mataas nga usura, manubo nga sweldo, kag pagpang-agaw sang kadutaan sang mga agalong mayduta kag mga dumuluong nga kompanya para sa dalagku nga ganansya. Sa malip-ot nga hambalanon, ang masang mangunguma nalumos sa tuman nga kapigaduhon.

Gawas sa nagkalain-lain nga laragway sang pyudal nga pagpanghimulos, indi man luwas ang ila pangabuhian sa mga halit nga tuga sang mga kalamidad. Sa mga nagligad nga binulan, nakaagum sang daku nga kapierdihan ang mga mangunguma sang ila pananom kag kasapatan bangud sa El Niño phenomenon. Ang rehiyon sang Negros ang isa sa mga malala nga apektado sini, partikular na sa sur nga bahin sang Negros. Base sa report sang Department of Agriculture, naglabot sa masobra P500 milyon sa Negros Occidental kag indi magnubo sa P2 bilyon sa Negros Oriental ang danyos sang El Niño.

Ang reaksyunaryo nga gobyerno wala gid man sang paigo nga pagpangandam kag kongkreto nga

mga tikang agud mahatagan sang solusyon ang gin-atubang nga problema sa mga tawo nga nagpasiguro sa seguridad sa pagkaon sang aton pungsod. Ang sabat sang rehimen US-Marcos II puro lamang pahamot sa midya pinaagi sang mga “band-aid” nga mga solusyon. Apang sa likod sang camera, ara man ang ila pagluhod-luhod sa mga agalong mayduta kag mga dalagkung komprador burgesyia. Gingamit sa rehimen ni Marcos Jr ang Armed Forces of the Philippines (AFP) kag Philippine National Police (PNP) para sa pagterrorisa sa kaumhan agud mapasiguro ang pagpatuman sang mga neoliberal nga mga proyekto. Bangud sini, mahapos na lang sa mga nagahari nga sahi ang pagpang-agaw sang duta kag pag-opereyt sang mga proyekto nga makaguba sang kinaiyahan.

Wala pa man lubos nga nakarekober ang mga mangunguma sa epekto sang tuman ka init nga klima, nagsugod naman ang impestasyon sang mga “army worms” ukon “tagustos” sa mga kaumhan kag katubuhan. Partikular sa Himamaylan City, Negros Occidental nga amo ang nakaagum sa dakung halit, 112.54 ka ektarya sang katubhan kag maisan sini ang gin-atake sa nasambit nga peste. Kon indi hatagan sang igtalupangod, mas maglapnag pa gid ang impestasyon sandig sa siling sang eksperto nga ang isa ka ektarya nga maisan kaya nga ubuson sang “army worms” sulod lang sa isa ka gab-i.

Kon ikumbina ang mga halit nga dala sang El Niño kag sa ini nga impestasyon, indi paigo ang gintagana nga bulig sang reaksyunaryong

gobyerno. Ginpatilaw lang ang mga mangunguma sang perte kagamay nga ayuda agud matiulang kag maghipos sila. Sa kamatuoran, ang pumuluyo wala gid sang malauman halin sa reaksyonaryo nga gobyerno sa ila malala nga kahimtangan.

Dapat nga ang pumuluyo ilabi na ang mga mangunguma maghiliusa kag idemanda ang pagpatuman sang matuod nga reporma sang duta kag pungsodnon nga industriyalisasyon isip esensyal sa pagpalambo sang ekonomikanhon nga kahimtangan indi lang sa mga mangunguma, kundi sa bilog pumuluyong Pilipino sang pungsod.

Kadungan sini, makabulig man ang kolektibo nga kusog sang mangunguma nga maghimo sang mga kooperatiba kag komunal nga paagi sang pagpanguma.

Subongman, determinado nga ginalunsar sang NPA upod sa masa ang agraryong rebolusyon, isa sa integral nga tahas sa rebolusyonaryo nga armado nga paghimakas, agud mahilway ang pumuluyo sa mlawig na nga pyudal kag malapyudal nga pagpanghimulos sa mga nagahari nga sahi. ###